ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Tomo XXVII Blg. 1 **Hulyo-Disyembre 1997**



Editoryal:

Sumulong sa Ika-30 Anibersaryo!

Ang pagdiriwang ng ika-29 na anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas ay paggunita sa mga dakilang tagumpay na nakamit ng Partido sa rebolusyong Pilipino sa teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Ito ay pagkilala sa pagpapanibagong-sigla at muling paglakas ng Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon at pagtanghal sa ibayong pagsulong ng rebolusyunaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayang Pilipino bunga ng paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Sa kabilang banda, patuloy na binabayo ng napakatinding krisis at kaguluhan ang lokal na naghaharing sistema at ang pandaigdigang sistemang kapitalista.

Nasa mas mahusay na pusisyon ngayon ang Partido para samantalahin ang naturang krisis at ibayong isulong ang bagong demokratikong rebolusyon. Wala nang ibang pwersa liban sa Partido na makakapamuno sa mamamayang Pilipino tungo sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo, lokal na pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Batay sa kasalukuyan nitong lakas, dapat magbalak ang Partido para sa ibayong pagpapalakas. Sa susunod na taon, dapat iangat ang rebolusyunaryong pakikibaka sa mas mataas na antas at anihin ang mga tagumpay sa paraang lahatang-panig para buong kagalakan at maningning na maipagdiwang ang ika-30

anibersaryo ng Partido.

Susi dito ang ibayong pagpupursige sa kilusang pagwawasto. Kailangang ipatupad ng buong kasapian ng Partido nang mas masigasig at mas militante kaysa dati ang kanilang mga tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Sa larangan ng ideolohiya, dapat itaas ang teoretikong bandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang lahat ng mga kadre, kasapi at kandidatong kasapi ng Partido ay dapat na itaas ang kanilang kamulatan sa ideolohiya sa pamamagitan ng pag-aaral sa teorya at paglalapat nito sa kongkretong kalagayan at sa rebolusyunaryong praktika.

Dapat bakahin ang suhetibismo, sa anyo man ng rebisyunismo, empirisismo at dogmatismo. Dapat maging mapagbantay sa pagpasok ng ideolohiyang petiburges sa loob ng Partido. Dapat seryosohin ang mga pulong pag-aaral ng lahat ng mga organo at yunit at ang mga pormal na kurso sa pag-aaral sa batayan, intermedya at abanteng antas.

Sa larangan ng pulitika, dapat matatag at militanteng isulong ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Dapat wasto at mahusay na gamitin ng Partido ang dalawang makapangyarihang sandata ng rebolusyunaryong armadong pakikibaka at nagkakaisang prente.

Dapat bakahin ang mga "Kaliwa" at Kanang oportunistang kamalian. Paigtingin ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka at isanib ito sa tunay na reporma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa. Dapat paunlarin ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka at ikoordina ang rebolusyunaryong pakikibaka sa lungsod at kanayunan.

Sa larangan ng organisasyon, dapat itaguyod ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo, itayo ang pang-organisasyong lakas ng Partido sa buong bansa at malalim na umugat sa masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka. Gawing kasapi ng Partido ang papalaking bilang ng mga pinakaabanteng aktibista ng rebolusyunaryong kilusang masa sa lungsod at kanayunan.

"Kailangang ipatupad ng buong kasapian ng Partido nang mas masigasig at mas militante kaysa dati ang kanilang mga tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon."

Habang lumalala ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng naghaharing sistema sa Pilipinas, tiyak na magtatamo ang Partido ng mas malalaking tagumpay sa pamumuno sa rebolusyunaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayan.

Walang ibang solusyon sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga imperyalista at mga lokal na nagsasamantalang uri kundi ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Kapag sa saligan ay nakumpleto na ang kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino, maisusulong ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa maabot ang ultimong layunin ng komunismo. ■

Sa isyung ito . . .

Editoryal 1
Anibersaryo ng PKP 3
Mining Act of 1995 6
Oplan Unlad Bayan sa Hilagang Mindanao...10
Kontras sa Kanlurang Mindanao 14
Balita: Tigil-Putukan sa Pasko; Lakbayan; Rali Laban sa 'Cha-Cha'; Base Militar sa Mindanao; Demolisyon Malala sa RP; 30 Aktibista sa Kordilyera**.....18**
Pakikidigmang Gerilya.....19
Dramatikong Pagsulong sa TK..... 21

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng ***Ang Bayan*** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag para mapahusay ang ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng komentaryo at mga mungkahi, mga balita o mga rebolusyunaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Bumubugso Pasulong ang Rebolusyon!



Ang sumusunod ay halaw sa mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas sa okasyon ng ika-29 anibersaryo nito na ginunita nitong Disyembre 26, 1997.

Nakamit ng Partido ang mga signipikanteng pagsulong at mga maningning na tagumpay noong nakaraang taon sa mga larangan ng gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon. Napakapaborable ng kasalukuyang kondisyon para sa pagsusulong ng rebolusyon. Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng naghaharing sistema sa bansa ay mabilis na lumulubha. Ang malawak na masa ng sambayanan ay napupukaw na magsulong ng armadong rebolusyon dahil sa di-matiis na papatinding pagsasamantala at pang-aaping kanilang dinaranas.

Pandaigdigan at Pambansang Kalagayan

Dinaranas ng buong daigdig ngayon ang mga mapaminsalang epekto na dulot ng pandaigdigang monopolyo kapitalismo. Labimpitong taon nang ipinapatupad ng monopolyo kapitalismo ang patakaran ng "neoliberalismo", na sa esensya'y nagpapabilis sa konsentrasyon ng kapital sa kamay ng monopolyong burgesya. Ginagamit nito ang mga islogan tulad ng "liberalisasyon", "deregulasyon" at "pribatisasyon" para gamitin ang rekurso ng estado at higanteng mga korporasyon sa paghuthot ng papalaki at papalaki pang tubo mula sa mga proletaryado't aping sangkatauhan.

Sa ilalim ng islogang "globalisasyon", isang parirala para sa neoliberal na alamat ng "malayang pamilihan", inilalako ng tatlong pandaigdigang sentro ng kapitalismo (US, Hapon at Unyong Europeo) ang mga tinatawag na *emergent markets,* na mga target ng ispekulatibong kapital at pagtatambak ng mga sobrang produkto. Kalakhan ng mga ito ay matatagpuan sa Silangang Asya, Timog Silangang Asya at Tsina, kung saan ang ipinangangalandakang "milagro ng Asya" ay nabasag sa pagsapit ng kasalukuyang pampinansyang krisis.

Inilalantad ng krisis sa Asya ang mapangwasak na katangian ng monopolyo kapitalismo, lalo't higit sa ilalim ng bandila ng patakarang neoliberal. Nangangahulugan ito ng pagwasak sa mga produktibong pwersa ng mga pinakapinapaborang kliyenteng estado. Bumabaling ito sa mga imperyalistang bansa sa pamamagitan ng pagkitid sa kanilang pandaigdigang pamilihan at larangan ng pamumuhunan.

Labimpitong taon pa lamang tumatakbo ang patakarang neoliberal ngunit naitulak nito ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa di pa naabot na antas ng kabagsikan mula ng katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Lalong umiigting lahat ng batayang kontradiksyon. Kabilang dito ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista at ng mga inaaping mamamayan at bansa, sa hanay ng mga

kapangyarihang imperyalista mismo, at sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya sa mga imperyalistang bansa.

Sa darating na panahon, ang pagbulusok ng mga panlipunan at pang-ekonomyang kalagayan ay tiyak na tutungo sa pag-usbong at pag-unlad ng higit pang mas maraming rebolusyonaryong kilusan. Ang mga rebolusyonaryong kilusan ng proletaryado sa ilalim ng pamumuno ng mga Marxista-Leninistang partido ay lilitaw at uunlad lamang kakabit ng lumalalang krisis ng monopolyo kapitalismo, ng lumalaking inter-imperyalistang kontradiksyon at ng muling pagsigla ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga inaaping mamamayan at bansa sa ikatlong daigdig at mga dating blokeyong-Sobyet na bansa.

Partikular sa Pilipinas, ang pang-ekonomya at pampulitikang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema nito ay mabilis na bumubulusok sa antas at paraang maihahambing sa unang hati ng '80s. Sa pamamagitan ng programang "Pilipinas 2000," inakalang magagawang isang ekonomikong "tigre" ang Pilipinas, o isang bagong-industriya-lisadong bansa pagsapit ng taong 2000. Ngunit ang planong ito ni Ramos ay walang itinulak ni isang batayang industriyal na proyekto. Itinuring nitong di-kinakailangan ang re-pormang agraryo at tuluyan nitong itinali ang bansa sa mga kontra-kaunlarang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na lubusang naglilingkod sa mga bangko at kumpanyang multinasyunal.

Talagang wala namang anumang layunin na gawing isang bagong-industriyalisadong bansa ang Pilipinas. Ang tunay na layunin ay buksan ang bansa bilang *emergent market* para sa pagtambak ng sobrang produkto at sobrang kapital, lalu na ang ispekulatibong kapital mula sa ibayong dagat, at para ipailalim ang bansa sa dikta ng mga imperyalistang pwersa at ng IMF, World Bank, APEC, WTO at iba pa.

Ngayon, ang manupakturang nakatuon sa eksport ay matinding tinatamaan ng pandaigdigang krisis ng labis na produksyon. Sa ilalim ng neoliberal na patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan, ang mga mineral at agrikultural na eksport ng Pilipinas ay higit pang iniipit ng matagalang krisis ng sobrang produksyon sa hilaw na materyales. Ang kawalan ng repormang agraryo at kakulangan ng mga insentiba at suporta para sa lokal na produksyon ng pagkain ay pinalalala ng ligal na pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural sa mga residensyal, komersyal at industriyal na estado at ng malaganap na pangangamkam ng mga *real estate,* plantasyon, minahan, logging at iba pang katulad na kumpanya.

Simula Hulyo 11, 1997, bumaba ang halaga ng piso mula 26 hanggang sa mahigit 40 sa US dolyar o ng higit 50% at patuloy pa itong bumababa. Nahihirapan ngayon ang Pilipinas na makapang-akit ng dayuhang pondo bilang utang o di kaya'y direktang pamumuhunan. Napipilitan itong tumungo sa pagtitipid at palalain ang pagsasamantala sa sambayanan.

"Sa darating na panahon, ang pagbulusok ng mga panlipunan at pang-ekonomyang kalagayan ay tiyak na tutungo sa pag-usbong ng higit pang mas maraming rebolusyunaryong kilusan."

Nagdudumilat ang mga batayang kontradiksyon ng mga uri sa Pilipinas. Noong 1997, lalo noong ikalawang hati, bumugso ang mga kilos protesta ng masa sa pambansang saklaw at dumami rin ang mga taktikal na opensiba ng armadong rebolusyon. Dumadami ang mga welga't kilos-protesta na inilulunsad ng mga manggagawa, mag-sasaka, maralitang taga-lunsod, estud-yante at iba pang kabataan.

Mabilis na lu-malala ang krisis sosyo-ekonomiko ng naghaharing sistema at gayundin ang krisis pampulitika. Tumitindi ang mga ribalan at tunggalian ng mga pampulitikang paksyon ng naghaharing uri. Tulad ng mga namumunong reaksyunaryong pulitiko, ang burukrasyang sibil at tauhan ng pulisya't militar ay higit pang nagiging mas brutal at tiwali kaysa dati.

Ang nalalapit na eleksyon ay huwad dahil sa iyon ay monopolisado ng mga tradisyunal na pulitiko ng mga mapagsamantalang uri. Hindi nito sinasalamin ni kayang tugunan ang mga batayang kahilingan ng mamamayan. Hindi rin nito kayang resolbahan ang ribalan ng mga reaksyunaryong paksyon kundi lalo pang pinalalala ito.

Bilang pagsunod sa kanilang mga amo sa pulitika, sinusupil ng militar, pulisya at pwersang paramilitar ang mamamayan at naglulunsad ang

mga ito ng kampanya ng paniniil laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Maraming upisyales ng militar at pulisya ang kasangkot mismo sa pinakamasahol na mga sindikatong kriminal.

Hindi talaga napapayapa ng rehimeng US-Ramos ang mamamayang Moro. Patuloy pa rin ang armadong pakikibaka ng mamamayang Moro para sa sariling pagpapasya.

Ang mga obhetibong kalagayan ay napakainam para sa Partido upang pamunuan ang mamamayang Pilipino sa paglulunsad ng pambansa demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Dahil sa kilusang pagwawasto, lumawak at lumalim ang baseng masa para sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Ibayong Paglakas ng Partido

Mula 1992, muling napasigla at higit pang napalakas ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang Partido sa mga larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ginawang posible ng pagwawasto ng mga mayor na pagkakamali at kahinaan ang paglawak at konsolidasyon ng Partido. Simula ng nakaraang taon, ang Partido ay umaani ng signipikanteng mga tagumpay sa pagtupad ng mga panlabang tungkulin nito.

Napataas na ng mga kadre't kasapi ng Partido ang kanilang kamalayan sa isang bago at mas mataas na antas. Muli nilang pinagtibay at ginagamit ang saligang rebolusyunaryong prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kasaysayan at kasalukuyang sirkumstansya ng Pilipinas at sa kanilang kongkretong rebolusyonaryong praktika. Ang kilusang pagwawasto ay inilunsad bilang buhay na pag-aaral ng rebolusyunaryong teorya ng proletaryado. Sa ilalim ng pamamatnubay ng mga sentral na dokumento ng pagwawasto, ang mga panrehiyong komite ng Partido ay nakatapos na ng kanilang paglalagom.

Ang mga kasapi at kandidatong-kasapi ay nakakuha na ng Batayang Kursong Pampartido na gumagamit ng bagong teksto. May signipikanteng bilang ng mga kadre't kasapi ang nakatapos na ng intermedya at abanteng kurso ng Partido, na pinangungunahan ng Kordilyera, Timog Katagalugan at Hilagang Mindanao. Karamihan sa mga organo at yunit ng Partido ay nakapagsagawa ng pang-ideolohiyang konsolidasyon at nagpapatuloy ito kasabay ng paglaki ng kasapian ng Partido at ng gawaing masa.

Ang pangangailangan para sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ay higit na nagiging malinaw at mahigpit. Ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ay ibayong lumalim at lumala sa ilalim ng neoliberal na patakaran ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang Bagong Hukbong Bayan ay higit na lumalakas at sumusulong. Buong sigasig nitong isinusulong ang malawak at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalapad at lumalalim na baseng masa. Sa nakaraang taon, ang BHB ay magiting na tumugon sa panawagan ng Partido sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ayon sa kakayahan. Ang mga platung gerilya ng BHB sa rehiyong Timong Katagalugan ang pinakanatatangi sa paglulunsad ng mga matatagumpay na reyd at ambus, at naging halimbawa sa iba pang mga rehiyon sa usapin ng pagpaplano at pagpapatupad. Maraming mga dating lugar na naunang nawala dahil sa mga mayor na pagka-kamali sa linya ay nabawi na at may mga bagong lugar na napapaunlad na rin.

"Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang Bagong Hukbong Bayan ay higit na lumalakas at sumusulong. Buong sigasig nitong isinusulong ang malawak at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalapad at lumalalim na baseng masa."

Napalaki at napasigla ng Partido ang pang-organisasyong lakas nito mula nang buong bwelong nakasulong ang kilusang pagwawasto. Nakonsolida na nito ang dati nang mga kadre't kasapi ng Partido at narekluta na ang pinakasulong na mga rebolus-yonaryong aktibis-tang masa bilang mga kandidatong kasapi. Ang mga sangay ng Partido sa mga pabrika, linya ng transport, opisina at komunidad sa kanayunan at kalunsuran ay nadagdagan. Lumaki ang kasapian ng Partido sa mas maraming rehiyon. Nananatiling mahigpit ang ugnay ng Partido sa naghihikahos na masa ng manggagawa't magsasaka. ***-AB***

New Mining Act of 1995

Kontra-Mamamayan, Salot sa Kalikasan



Dito, hindi ginto ang nakadikit sa bato, kundi bato ang nakadikit sa ginto."

Walang halong paghahambog itong sinasambit ng mga taong naninirahan sa kabundukan ng Timog Mindanao. Pinatutunayan din ito ng mismong estadistika ng reaksyunaryong gubyerno na nagsasaad na may nalalabi pang 25,761,066 toneladang reserba ng ginto sa rehiyon. [Katunayan, pumapangalawa ang Pilipinas sa buong mundo sa dami ng *gold reserves* (4 oz./sq. km.). Pumapangatlo naman ito sa dami ng *copper reserves* (0.75 oz./sq. km.) at pang-anim sa *chromite reserves* (0.57 oz./sq. km.). Sa 76 na lalawigan ng bansa, 56 ang hitik sa iba't ibang uri ng yamang mineral].

Marami na ang naakit dito — mga karaniwang mamamayang nag-iipon ng makakayang kapital, dumadayo at naghuhukay ng mga *tunnels* upang makabahagi sa kayamanang mineral na nakabaon sa kabundukan.

May mga pinapalad na maka-*hit:* nakakatagpo ng *gold vein* na patungo sa malaki-laking mga deposito ng ginto. Mas marami ang naguguhuan ng lupa sa mahihinang *tunnels* na kanilang ginawa, at nababaon kasabay ng kanilang mga pangarap. Subalit patuloy ang iba sa pakikipagsapalaran, sa pag-asang sila'y mahango sa kahirapan.

Sa kabilang dako, ang malalaking dayuhang minahan na gumagastos ng milyun-milyon para sa imprastruktura at makabagong kagamitan ay di hamak na mas sistematiko. Mas sistematiko ang mga ito sa pagkuha sa yamang mineral mula sa kabundukan — hindi lamang ginto kundi pilak, *copper,* bakal at iba pa. Subalit bantulot silang gumastos para maibsan ang polusyong likha ng kanilang pagmimina. Kaya't mas sistematiko rin nilang winawasak ang kapaligiran at inilalagay sa peligro ang mamamayan.

Ganito ang karanasan, di lamang sa Timog Mindanao, kundi sa iba pang bahagi ng bansa na dinagit ng mga malalaking minahang kapitalista.

Sa Marinduque, pumutok noong 1996 ang balita hinggil sa pagtatapon ng Marcopper Mining ng tone-toneladang *toxic waste* sa Boac River na ikinamatay ng naturang ilog.

Sa Diwalwal, isang bundok sa Davao del Norte kung saan naganap ang isang *gold rush* noong dekada '80, nalantad ngayong taon ang dumaraming kaso ng *mercury poisoning* sa mga residente, bunga ng iresponsableng pagtapon ng naturang kemikal sa mga ilog.

Subalit sa halip na higpitan ang operasyon ng mga naturang minahan, nagluwag pang lalo ang rehimeng Ramos. Ipinasa nito ang RA 7942 o ang Mining Act of 1995 at animo'y ipinagsisigawan sa buong mundo na dumayo rito, hukayin at hakutin ang mala-alamat na likas na yaman ng Pilipinas nang walang mga restriksyong aalalahanin.

Ang pagsasabatas ng Mining Act ay bahagi ng programa ng rehimeng Ramos na buksan ang

lahat ng sektor ng ekonomya sa mga dayuhan. Sa pamamagitan daw nito ay makakalikom ng kapital at teknolohiya ang bansa, at mapapabilang sa hanay ng mga *newly industrializing countries* pagsapit ng taong 2000.

Sari-saring mga insentibo ang ihinanay ng rehimen para makaakit ng lalong maraming dayuhang mamumuhunan. Karamihan sa mga insentibong ito ay pumapawi sa kakarampot na ngang benepisyo at karapatang isinabatas para sa proteksyon ng masang anakpawis at iba pang maliliit na mamamayan. Bagamat pormalidad lamang ang mga batas na ito, ibinasura pa rin ito ng rehimeng Ramos para sa kapanatagang-loob ng mga dayuhan. Partikular sa Mining Act, tampok dito ang prubisyon hinggil sa Financial Technical Assistance Agreement (FTAA), isang kasunduan kung saan pinapayagang magbukas ng kunsensyong aabot sa 80,000 ektarya ang isang dayuhang kumpanya sa minahan, at mag-opereyt nito sa loob ng 50 taon, basta't may maipupuhunan ang kumpanya na halagang hindi bababa sa $50 milyon.

Taliwas sa isinasaad sa mismong saligang batas ng reaksyunaryong estado, maaari nang magmina ang mga kumpanyang 100% pag-aari ng dayuhan sa pamamagitan ng FTAA. Maaari rin nilang iluwas ang 100% ng kanilang tubo at kapital at may tatamasahin din silang limahanggang sampung-taong *tax holiday* kung saan minimal lamang na buwis ang kanilang babayaran.

"Maaaring umabot sa 44% ng teritoryo ng Pilipinas ang saklaw ng mga FTAA."

Bukod rito, binibigyang-karapatan din ang mga FTAA *holders* na angkinin ang anumang tubig o trosong matatagpuan sa saklaw ng kanilang kunsesyon *(water and timber rights).* May karapatan pa rin silang magpalayas ng sinumang naninirahan sa FTAA *area (easement rights)* at umaresto sa sinumang tao sa loob nito na nakalabag sa mga patakarang pinaiiral ng minahan *(arbitration rights).*

Nitong 1997, may 102 nang aplikasyon para sa FTAA ang isinumite ng iba't ibang minahan. Siyamnapu't anim na porsyento (96%) ng mga naturang aplikasyon ay nagmula sa mga dayuhang kumpanya, na karamihan ay Australyano, Canadian at Amerikano. Saklaw ng naturang mga aplikasyon ang 8.25 milyong ektarya o 27% ng kabuuang teritoryo ng Pilipinas.

Kung idaragdag pa rito ang mahigit 300 pang *pending* na aplikasyon na may saklaw na 20,000 ektarya bawat isa, aabot na sa 13.3 milyong ektarya o 44% ng kabuuang teritoryo ng Pilipinas ang sasakupin ng mga FTAA.

Karamihan sa mga tinarget na erya ay mga lupaing ninuno *(ancestral lands)* na tinitirahan ng mga pambansang minorya.

Upang lalo pang makapang-akit ng mga dayuhang minahan at mapalawak ang industriya ng pagmimina sa buong kapuluan, inilunsad ng Montgomery Network sa tulong ng rehimeng Ramos ang isang *exhibit* at kumperensyang binansagang "Mining Philippines'97". Tampok sa naturang kumperensya ang presentasyon ng mga "sosyolohikal na pag-aaral" na kinumisyon ng mga dayuhang minahan upang mabatid nila kung papaano raw magagawang "katanggap-tanggap" sa mga komunidad ng lumad ang aktibidad ng malalaking minahan. Sa madaling salita, mahalagang usapin sa mga dayuhang minahan ang *psywar* laban sa mga katutubo.

Sa panig ng rehimeng Ramos, walang pakundangan nitong isinasanla ang pambansang patrimonya at nilalabag ang karapatan ng mga pambansang minorya sa kanilang lupaing ninuno, kapalit ng $3 bilyong pamumuhunan na itinatayang papasok sa Pilipinas sa ilalim ng Mining Act.

Sa halagang ito, handang-handa rin ang bangkaroteng gubyerno ni Ramos na magbulag-bulagan sa anumang pinsalang idudulot ng mga dayuhang minahan.

"Presidential Prerogative"

Ganito na nga ang naganap sa kaso ng Western Mining Corp. (WMC), isang gahiganteng Australyanong kumpanya (at isa rin sa pinakamalaki sa buong mundo), na siyang kauna-unahang biniyayaan ng FTAA.

Nang isabatas ang RA 7942 noong Marso 6, 1995, inaprubahan ang FTAA ng Western Mining sa buwan ding iyon sa bisa ng "presidential prerogative" ni Ramos. Hawak ang papeles na pirmado ni Executive Secretary Teofisto Guingona, lumusot ang Western Mining nang walang kaukulang *environmental impact study* o pag-aaral sa maaaring maging epekto ng operasyon nito sa kapaligiran.

Ayon sa nilalaman ng FTAA nito, maaaring mag-*explore* at magmina ang Western Mining sa 99,400 ektaryang sumasaklaw sa hangganan ng Saranggani, South Cotabato, Davao del Sur, Sultan Kudarat at North Cotabato. Dagdag pa, may pinirmahan ding Mining Percentage Sharing Agreement ang WMC sa tatlong lokal na kumpanya sa South Cotabato — ang Tampacan Mining, Sagittarius Mining at South Cotabato Timber Co. — na nagbibigay karapatan sa Western Mining na makibahagi sa mga mineral na namimina mula sa 10,000 ektaryang saklaw ng mga naturang kumpanya. Samakatwid, may epektibong kontrol ang WMC sa rekursong mineral na matatagpuan sa mahigit 100,000 ektarya.

May tatlong aplikasyon pa para sa FTAA ang

Western Mining sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Kung maaaprubahan ito, may madadagdag pang 400,000 ektarya sa mga kunsesyon nito.

Itinatayang $2.7 bilyon ang kikitain ng WMC sa mga operasyon nito sa Pilipinas.

Siyam na bayan na saklaw ng FTAA ng Western Mining ang direktang apektado sa operasyon nito. Ilan dito ang Columbio, Sultan Kudarat; Tampacan, South Cotabato; Makilala, North Cotabato; at Kiblawan, Matan-aw at Magsaysay sa Davao del Sur. Ang bayang mapupuruhan nang husto ay ang Columbio na may 13 baryong (katumbas ng 65% ng erya nito) saklaw ng *mining concession.*

Malaking bahagi ng apektadong erya ay lupaing ninuno ng mga katutubong B'laan. Apektado rin ang ilang komunidad na tinitirahan ng mga katutubong Manobo at Bagobo. Itinatayang may 240,000 katutubong mapapalayas sa kanilang mga lupain kapag bumwelo na ang operasyon ng WMC.

Lubhang Mapaminsala

Mula 1994, nang lumawak na ang *exploration activities* ng Western Mining, iba't ibang porma na ng kilos protesta ang nailunsad ng mga B'laan at iba pang mamamayan laban sa WMC. Bukod sa petisyong isinumite sa gubyerno ng mga lider B'laan noong 1994, sumulat din kay Presidente Ramos noong 1995 ang apat na organisasyon (ang Christian-Islamic-B'laans Organization, La Bugal B'laan Association, Tabunaway Makinogon Association at Christian Farmers Association of Columbio, Sultan Kudarat) para igiit ang pagpapatigil sa operasyon ng WMC.

Isa ring serye ng mga *fact-finding missions* ang binuo. Noong 1994, idineklara ng isang *fact-finding mission* na kinabilangan ng mga *people's organizations, non-governmental organizations (NGO)* at mga kinatawan ng lokal na gubyerno na ang operasyon ng WMC ay mapaminsala sa kapaligiran at isang paglabag sa karapatan sa lupa ng mga mamamayang B'laan at magbubukid.

Ang mahigpit na pagtutol ng iba't ibang sektor laban sa operasyon ng Western Mining ay bunsod ng balak nitong magsagawa ng *open-pit mining,* ang pinakamapaminsalang paraan ng pagmimina. Sa *open-pit mining,* pinuputol ang lahat ng mga puno at binubungkal ang *top soil,* na siyang pinakamatabang bahagi ng lupa. Hindi na maaaring pakinabangan sa agrikultura ang anumang lugar na ginawan ng *open-pit mining.*

Dagdag pa, tatamaan din ng operasyon ng WMC ang nalalabing *virgin forest* (aabot sa 10,000 ektarya) sa Dulong Katimugang Mindanao.

Subalit ang pinakamasahol at pinakamasaklaw na pinsalang dulot ng WMC ay ang pagkasira sa mga ilog at sapang pinagmumulan ng tubig ng aabot sa 19 na bayan sa loob at paligid ng kunsesyon. Ito'y dahil ang puno ng mga ilog at sapang ito ay nasa Bundok Amoroc na matatagpuan sa pusod ng eryang saklaw ng FTAA.

Ipinangangamba ng mga B'laan at iba pang mamamayang naninirahan sa mga apektadong lugar, na ang deporestasyon na kaakibat ng anumang operasyon sa pagmimina ay magiging sanhi ng pagbaha ng naturang mga ilog at sapa. Mas malaki pa ang peligro kapag nagtambak na ng *mine tailings* sa mga ilog ang Western Mining. Bukod sa pagbabaha ay malalason pa ang tubig at lahat ng isda rito. Di maglalaon at mamamatay ang mga ilog na ito.

"Walang pakundangang isinasanla ng rehimeng Ramos ang pambansang patrimonya at nilalabag ang karapatan sa lupaing ninuno ng mga pambansang minorya kapalit ng $3 bilyong pamumuhunang itinatayang papasok sa bansa sa ilalim ng Mining Act."

Matinding Pagtutol

Sa harap ng matinding pagtutol ng maraming sektor sa operasyon nito, nagsasagawa ang WMC ng iba't ibang aktibidad sa layong madisarmahan ang militansya ng mamamayan. Ilan dito ay ang pagpapadala ng mga *civac-type missions* at pamimigay ng kalabaw at kabayo sa ilang pamilya. Upang mabili ang katapatan ng mga B'laan, may ilan sa kanilang kinukuhang trabahador sa minahan. Marami ring ipinapangako ang WMC: magtatayo raw ito ng mga paaralan at klinika sa tulong ng mga NGO; maglulunsad ng programang pangkabuhayan; mag-oorganisa ng mga palaro at kulturang pagtatanghal; at tutulungan daw ang mga katutubong B'laan na maapruba ang kanilang *ancestral domain claim.*

Walang ibang pakay ang mga pakanang ito kundi ang wasakin ang pagkakaisang ipinamalas na ng mga B'laan laban sa WMC.

Sa katunayan, sa pangamba ng WMC na tumindi pang lalo ang oposisyon laban dito, itinatago nito sa publiko ang aktwal na antas ng operasyon nito.

Sa pormal, ay nasa *exploration stage* pa lamang ito. Subalit inilantad ng isang *fact-finding mission* na binuo kamakailan na mayroon nang

tunnelling na ginagawa ang Western Mining, indikasyon na nagsimula na ito sa pagmimina at titindi na ang pinsala sa kapaligiran na ipinangangamba ng mga naninirahan sa erya.

Tanda ng tunay na aktitud ng Western Mining sa mga tumututol sa operasyon nito ang susun-suson nitong seguridad. Bukod sa sarili nitong *security force,* mayroon itong minamantinang grupo ng mga lumad na tinaguriang "tribal forces" o "assets". Ang mga "assets" na ito, na armado ng matataas na kalibre ng baril tulad ng M16 at M14, karbin at garan, ay nakikipagkoordina sa 75th IB ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na siyang nakatokang magprotekta sa WMC. Kabilang sa mga "tribal forces" ang mga nagsisukong bandido. Pinagpapanggap silang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan o Moro Islamic Liberation Front, pinasusurender, at saka nirerekluta at inaarmasan ng WMC. Tinutustusan din ng WMC ang pag-aaral ng mga opisyal militar na ipinadadala sa Australya.



Gumagrabe ang militarisasyon sa erya, reaksyon sa tumitindi ring pagtutol ng mga lumad sa WMC. Sa ngayon, dalawang grupo ng mga B'laan ang nagdeklara ng pangayaw o "tribal war" laban sa mga tropa ng 75th IB, at ilang engkwentro na ang naganap. Dalawampu't dalawang datung B'laan din ang nagsandugo *(blood compact)* at sumumpang lalabanan ang Western Mining.

Sa kalunsuran, isang alyansang multisektoral ang binuo laban sa WMC, na kinabibilangan ng mga organisasyon ng mga lumad, drayber, estudyante, taong simbahan, manggagawa, tindera, maralitang lungsod at kababaihan. Dumadami ang mga kapanalig ng pakikibaka laban sa Western Mining, bunga ng malawakang kampanyang edukasyon at propaganda na inilulunsad hinggil sa isyu.

Sa mga larangang gerilya, madali ring nabibigkis ang masa laban sa WMC at sa Mining Act, at napapalalim ang kanilang pag-unawa sa usaping ito.

Ang mga lokal na sangay ng reaksyunaryong gubyerno ay nagpapahiwatig din ng iba't ibang antas ng pagtutol sa operasyon ng Western Mining. May ilang bayan na ang naglabas ng *municipal resolution* na tahasang kumukundena at tumututol sa WMC. Kamakailan, idineklara ng Sangguniang Panlalawigan ng Saranggani na hindi nito pahihintulutang mag-opereyt ang WMC sa prubinsya kung walang *environmental impact study* na magpapatunay na hindi magiging peligroso sa kapaligiran ang mga aktibidad nito.


Sa ibang dako ng Mindanao, may pagtutol din ang mamamayan sa mapaminsalang operasyon ng malalaking dayuhang minahan sa kanilang erya. Patuloy ang protesta ng mga katutubong Mansaka at mga *settlers* sa kanayunan ng Davao sa operasyon ng Kingking Mines, Inc., isang US-Canadian na korporasyon. Ayon sa kanila, ang *exploration* at *drilling operations* ng naturang minahan ay nagdudulot ng matinding *silting* sa Kingking River, na nagiging sanhi ng mga pagbaha at pagdaloy ng putik o *mudflows.* Ang Kingking Mines, na magmimina ng *copper,* ay mamumuhunan daw ng halagang P5.3 bilyon sa itatayo nitong *copper concentrate project,* at may ipinuhunan nang P480 milyon para sa *exploration activities* sa kalapit na erya.

Sa Zamboanga del Norte, nagpoprotesta rin ang maliliit na kumpanya sa pagmimina laban sa *exploration activities* ng Tropical Exploration Philippines, Inc. (TEPI), isang malaking Australyanong korporasyon na may 16,200 ektaryang *mining claim* sa apat na bayan ng naturang prubinsya. Itinatayang 1,850 pamilyang Subano (isang tribu ng mga lumad) ang maaapektuhan sa operasyon ng TEPI. Kinwestyon ng maliliit na minero kung paano nakapag-opereyt ang TEPI gayong hindi pa aprubado ang permit nito mula sa DENR at wala pa itong sertipikasyon mula sa Provincial Environment and Natural Resources Council. Binatikos din ng mga nagpoprotestang minero ang gobernador ng Zamboanga del Norte na si Dalman Roldan sa pagbaliktad nito mula sa binitiwan nitong pangako nang siya'y kumandidato na poprotektahan niya ang kapaligiran. Bukod sa TEPI, tinututulan din ng maliliit na minero ang operasyon sa lalawigan ng Toronto Ventures Inc. ng Canada at ng Philex Mining Corp.

Subalit hindi na nakapagtataka kung nakalusot man ang TEPI, lalo na kung gugunitain ang nauna pang kaso ng Western Mining. Gagawa at gagawa ng paraan ang rehimeng Ramos para maisanla nito ang Pilipinas sa sinumang dayuhang makapaglalagak ng malaking kapital. Gagawin ito ng tutang rehimen kahit na magmistulang disyerto ang kabundukan at malubog sa putik at tubig-baha ang kapatagan. Magpapatuloy ang ginagawa nitong katrayduran sa pambansang interes hangga't hindi nagwawagi ang pambansa-demokratikong rebolusyon at naitatayo ang isang gubyernong tunay na makabayan at mapagkalinga sa mamamayan at kalikasan. ***- AB***

Oplan Unlad Bayan

Bigo sa Hilagang Mindanao



"Kung nabigo natin ang Oplan Lambat Bitag habang nananaig pa ang maling linya, walang dahilan para hindi natin maingungudngod sa kabiguan ang Oplan Unlad Bayan ngayong nananaig at isinusulong natin ang kilusang pagwawasto".

-***Kalihukan,*** *panrehiyong pahayagang masa sa Hilagang MIndanao*

Kasalukuyang ipinatutupad sa Hilagang Mindanao ang UP-UP Normin (Unity for Peace-Unity for Progress in Northern Mindanao) na siyang bersyon ng Oplan Unlad Bayan (OUB) sa rehiyon.

Nauna rito, ipinatupad noong 1987 sa buong bansa ang Oplan Lambat Bitag (OLB), isang programang kontra-insurhensya na binalangkas ng dating Kalihim sa Pambansang Depensa na si Fidel V. Ramos. Nilayon ng OLB na pagkaitan ng baseng masa ang rebolusyunaryong kilusan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga malakihang operasyong militar sa mga pinaghihinalaang balwarte ng kilusan. Anang rehimen, kung ang kilusan ay isda at ang masa ay tubig na nilalanguyan nito, magmimistulang isdang sisinghap-singhap ang mga rebolusyunaryong pwersa kapag nawalan ito ng tubig. Hindi magtatagal at mamamatay ang isda.

Ipinagyabang ng dating pangulong Corazon Aquino na madudurog ng mga tropang AFP ang rebolusyon bago matapos sa 1992 ang kanyang panunungkulan. Subalit hindi ito ang nangyari. Sa kabila ng malaking hirap na idinulot ng OLB sa masa at mga rebolusyunaryong pwersa, hindi ito nagtagumpay sa mithiin nitong pawiin ang kilusan. Dalawang ulit na ipinagpaliban ng gubyerno ang sarili nitong dedlayn sa pagwasak sa rebolusyon, at dalawang ekstensyon pa ng OLB ang ipinatupad hanggang 1994.

Buong akala ng reaksyunaryong estado na ang naganap na matinding banggaan sa pagitan ng mga oportunistang taksil at mga tunay na rebolusyunaryo noong 1992-94 ay hudyat na ng pagkadurog ng kilusan. Ngayong nakaluklok na sa poder ang naging pasimuno ng OLB na si Ramos, ipinagkakamali rin niya na ang naganap na pansamantalang paghupa ng mga taktikal na opensiba ng BHB (bunga ng pagdiin ng kilusan sa konsolidasyon) ay dagdag na patunay ng inaasam nilang "estratehikong tagumpay" laban sa rebolusyon. Batay dito, tinapos ng rehimen ang OLB at tumungo ito sa susunod na antas: ang Oplan Unlad Bayan. Layon daw ng OUB na "konsolidahin" naman ang mga "tagumpay" na natamo ng AFP.

Sangkap ng OUB ang

- "pagpapaunlad" sa kabuhayan ng mamamayan at "pagpapalahok" sa kanila sa mga kilusang binubuo ng reaksyunaryong gubyerno;
- pagbubuo ng mga kontra-rebolusyunaryong organisasyon sa hanay ng

mamamayan; at

- pagbigo sa anumang pagtatangka ng mga pwersang gerilya ng BHB na mabawing muli ang mga eryang "kinokonsolida" na ng AFP.

OUB at "Pilipinas 2000"

Magkatiyap ang pagpapatupad ng OUB at ng programa ng rehimeng Ramos na gawing "tigre ng Asya" ang Pilipinas pagsapit ng taong 2000. Ibig sabihi'y layon ni Ramos na sundan ang halimbawa ng mga "bagong industriyalisadong bansa" sa Asya tulad ng Singapore, Taiwan at South Korea na mala-tigre daw ang sigla ng ekonomya.

Dahil mayor na bahagi ng programang ito ni Ramos ang pagbubukas ng malalawak na lupain sa bansa sa mga negosyong minahan, trosohan, *agribusiness* at *real estate* ng mga dayuhan, binigyan ng rehimen ng mahalagang papel ang AFP bilang tagapamayapa at tagapanlinlang sa mga mamamayang maitataboy mula sa kanilang lupain bunga ng naturang mga negosyo. Pangunahin nilang target ang mga mamamayang lumad, *settler,* at magbubukid na direktang tatamaan ng mga ganitong pakana. Nariyang gamitan sila ng AFP ng magkatuwang na taktika ng panlilinlang at dahas; "kabaitan" at pwersang militar; "pa-ngungumbinsi" at pananakot.

Sa kabilang banda, kinokonsentrahan ng AFP ng dahas militar at propaganda ang mga liblib na baryo sa gubat at kabundukan dahil naniniwala rin sila na ang nalalabi na lamang daw na base ng rebolusyon ay ang mga katutubo na naninirahan dito. Ayon sa mga pasimuno ng UP-UP Normin, kung malilinlang at makakabig ang mamamayang lumad, tiyak na mawawala na raw sa eksena ang mga pwersa ng BHB sa Hilagang Mindanao.

UP-UP Normin

Gumagamit ng dalawang tipo ng pwersang militar ang OUB: mga makilos na pwersang panlaban, at mga tinaguriang "Special Community Forces" (SCF) na nagbababad sa mga baryo. Ang SCF ang bagong bersyon ng Special Operations Teams o SOT na pinakawalan sa panahon ng OLB. Sa ilalim ng UP-UP Normin, ang mga SCF ay mas kilala sa pangalang ACORD (Army Community Organizing for Rehabiltation and Development) teams.

Ang UP-UP Normin ay direktang pinangangasiwaan ng 4th ID ng Philippine Army. May kaukulan ding programa para sa buong isla ang Southern Command ng AFP, ang "UP-UP Mindanao".

Batay sa oryentasyong *psy-war* nito, kinokopya ng mga ACORD teams ang kilos ng mga Sandatahang Yunit Pampropaganda ng BHB. Nagbabahay-bahay din sila at nagsasagawa ng ilang programang *civac (civic action).* Subalit hanggang dito na lamang ang kaya nilang gayahin. Di tulad ng mga SYP na nagpopropaganda upang mulatin ang masa sa katotohanan at pukawin silang lumaban para sa kanilang karapatan, niloloko at hinahainan ng mga ACORD teams ng itim na propaganda ang mamamayan upang makabig sila laban sa rebolusyunaryong kilusan.

Kabilang din sa taktika ng ACORD ang pagsakay sa mga katutubong tradisyon upang magamit ito laban sa kilusan. Batikan dito si Capt. Lowell Santos, isang *psyops specialist* ng 4th ID. Minaniobra ni Santos ang pagdaraos ng isang "dumalongdong" o *tribal assembly* upang maagaw niya ang liderato ng tribung Higaonon at kilalanin siya bilang *supreme datu.* Ito'y sa kabila ng hindi niya pagiging lumad. Minaniobra rin niya ang pagdeklara ng "tampuda" o *peace pact* sa hanay ng iba't ibang tribung lumad sa Hilagang Mindanao upang pagkaisahin sila laban sa BHB.

Ikinagalit ng mga matandang lider Higaonon ang ginawang paglapastangan ni Santos sa "dumalongdong". Para sa naturang tribu, ang "dumalongdong" ay isang sagradong institusyon. Mahigpit nilang pinanghahawakan ang anumang mapagkakasunduan dito. Batay sa kanilang paniniwala, "mogabaan" o sasamain ang sinumang hindi tatalima sa desisyon ng "dumalongdong". Kaya't labag man sa kanilang kalooban, napilitan silang kilalanin si Santos. Subalit sa kaso ng *peace pact,* pumayag lamang ang mga tribu na huwag maglaban-laban; hindi sila pumayag na ituring na kaaway ang BHB.

Nagpatuloy si Santos sa pagpasok sa mga liblib na baryo upang lansihin ang mga naninirahan dito na "sumuko" at magsilipat sa mga *strategic hamlet* sa sentro ng baryo.

Noong Pebrero 22, 1996, dinakip ng mga Pulang mandirigma si Santos, kasama ang isang alalay niyang sarhento, habang nanghihikayat ang mga ito ng mga taumbaryo ng Lantad, Malingasag, Misamis Oriental na sumurender. Nakatakas ang apat pang sundalong myembro ng ACORD team na pinamunuan ni Santos.

Laking gulat ng kapitan nang arestuhin siya ng mga kasama. Sa buong pag-aakala niya, malaon nang naitaboy ang mga gerilya ng BHB sa erya. Limang buwang naging bihag ng digma *(prisoner of war)* si Santos at ang kanyang alalay bago sila pinakawalan noong Hulyo 22, 1996 sa mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross, simbahan at lokal na reaksyunaryong gubyerno.

Hatiin at Pagharian

Ibayong nakapagpatingkad ang pagkaaresto ni Santos sa mga pagsisikap ng rebolusyunaryong kilusan na ilantad sa publiko ang tunay na layunin at katangian ng UP-UP Normin.

Sa layuning wasakin ang rebolusyunaryong

pagkakaisa ng mamamayan, walang patid ang kampanya ng AFP sa masa at kasama na talikuran ang kilusan at sumuko. Tulad ng kalakaran sa OLB, sinasamantala ang "bulnerabilidad" ng mga nais nilang pasukuin: Direktang kinakausap ang mga kamag-anak at pamilya ng mga pultaymer upang mapresyur na sumurender ang huli. Pinadadalhan ng sulat ang mga Pulang mandirigma. Ginagamit ang impluwensya ng datu ng tribu (sa kaso ng mga lumad na kasama). At mismong mga dating nagsisuko ay ginagamit din upang manghikayat pa ng iba. Syempre pa, sige rin ang pagpapalabas ng propaganda hinggil dito sa radyo at pahayagan.

Ilan sa mga unang napasuko ng 4th ID ay sina Deo Uncad at Datu Manligoyan, parehong mga lider ng katutubong Higaonon na taga-Km. 27, Las Nieves, Agusan del Norte. Panay ang pagpapabantog ng AFP sa ngalan ng dalawa, na diumano'y mga modelong dapat tularan. Aktibo rin ang dalawa sa pagpapasuko sa mga kapwa nila Higaonon.

Para mas maging kaiga-igaya ang pagsurender, ipinangangalandakan ng 4th ID ang pagbibigay ng "malaking halaga" ng pera sa mga nagsisuko, lalo na yaong may dalang baril. Tinutulungan din daw ang mga itong magtatag ng mga "kooperatiba" at pinauutang ng puhunan para makapagnegosyo. Ang totoo, bihirang makinabang ang mga surenderi sa naturang mga programa dahil ginagawang palabigasan ng mga bulok na opisyal at burukrata ang pondong nakalaan dito.

Gayumpaman, may ilang piling erya na binubuhusan ng sapat-sapat na halaga ng 4th ID at lokal na reaksyunaryong gubyerno upang gawing "showcase barrio" o pakitang-tao. Ang ilang halimbawa ay ang Km. 27 sa Agusan del Norte at Lantad sa Misamis Oriental, na tinayuan ng eskwelahan at pinaglunsaran ng proyektong pangkalusugan. Namahagi din ng mga parsela ng lupa sa ilang pamilya at "ibinigay" sa mga Higaonon ang kanilang lupang ninuno sa pamamagitan ng isang Certificate of Ancestral Domain Claim (CADC). Malaking panloloko ang huli dahil animo'y dapat pang tanawing utang na loob ng mga Higaonon sa gubyerno ang pananatili nila sa lupang malaon nang pag-aari ng buong tribu.

Kabilang pa rin sa programa ng UP-UP Normin ang pagtatatag ng Barrio Intelligence Network (BIN) o mga Civilian Volunteer Organization (CVO) para magsilbing "mata at tainga" ng kontra-rebolusyon sa baryo. Ang sinumang tagabaryong nabistong may kuneksyon sa mga armadong rebolusyunaryo ay agad isinusuplong ng BIN sa kaaway. Sinasabing daig pa raw ng ACORD ang manatad (isang uri ng ibong napakatuling lumipad) sa bilis nitong umaksyon sa anumang ulat mula sa kanilang mga impormer hinggil sa kilos ng mga Pulang mandirigma.

"Anupamang 'oplan' ang ilunsad ng AFP, nananatili itong reaksyunaryo, pasista at anti-mamamayan sa kaibuturan. Wala itong ibang patutunguhan kundi kabiguan."

Ang mga naturang impormer ay siya ring ginagamit para maniktik sa kilos ng mga ligal na progresibong organisasyon na naghahatid ng iba't ibang serbisyo sa mga baryo sa kabundukan. Isinusuplong din at tinatakot ang mga ligal na organisador, pati na ang mga masang naugnayan ng mga ligal na grupo.

Hindi lamang sa baryo aktibo ang lambat-paniktik ng kaaway. Maging sa mga bayan at lungsod, minamanmanan din ang mga ligal at progresibong organisasyon at personahe upang matukoy kung alin at sino sa mga ito ang may "kaugnayan" sa rebolusyunaryong kilusang lihim.

Sa ganitong konteksto, may natatanging papel sa UP-UP Normin ang mga *non-governmental organizations (NGO)* at personaheng rebisyunista at oportunista sa paghahasik ng ibayong kalituhan at panlilinlang sa masa.

Upang hindi makalugar ang mga ligal na organisasyong tunay na progresibo at makamamamayan, ginagamit ng 4th ID ang mga grupo tulad ng Coalition for Peace (COPE) na nakabase sa Bukidnon; ang Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM) na may opisina sa Agusan del Sur; at Education for Life (ELF) na nakabase

sa Butuan City.

Ang COPE ay aktibo sa pagtatayo ng mga "peace zones" kung saan hindi pinahihintulutang pumasok ang BHB at militar. Ito'y upang hindi raw maging sagabal sa pag-unlad ng ekonomya ang gulong dulot ng digmaan. Ang totoo, maingay lamang magpropaganda ang COPE kapag may nababalitaan itong kilos ang BHB sa erya. Subalit tahimik ito kahit labas-masok ang AFP sa "peace zone".

Ang PRRM, na pinamumunuan ng renegadong si Horacio 'Boy' Morales, ay malaon nang bistado bilang instrumento ng Central Intelligence Agency para sa kontra-insurhensya. Aktibo itong nagtatayo ng mga "kooperatiba" at "samahang magsasaka" upang madiskaril ang pagbubuo ng mga organisasyong masang tunay na magtataguyod sa maka-uring interes ng mga magbubukid.

Ang ELF, na pinamumunuan ng isa pang renegado, si Edicio de la Torre, ay aktibo sa pag-oorganisa ng mga proyektong pangkabuhayan sa mga lugar na "kinokonsolida" ng 4th ID. Kinakasangkapan din ng AFP ang Indigenous People's Apostolate (IPA), isang samahan sa ilalim ng simbahang Katoliko, na nag-oorganisa rin ng mga "showcase projects" lalo na sa hanay ng mga surenderi. Sa pamamagitan ng ilang lider nito na tukoy na kontak ng AFP, nakikipagkutsabahan ang IPA sa 4th ID sa pangungumbinsi sa mga lumad na mag-apply para sa CADC. Ikinakampanya rin ng IPA sa mga lumad na papasukin sa kanilang lupain ang mga dayuhang kapitalistang korporasyon tulad ng Nestlé. Balak ng Nestlé na magpalawak ng plantasyon nito ng kape at kakaw sa iba't ibang bahagi ng Misamis Oriental. Aktibo rin ang IPA sa mga baryo ng Cagayan de Oro at Bukidnon.

Kapayapaan at Kaunlaran?

Sa kabila ng retorikang "kapayapaan at kaunlaan" na binibitiwan nito, nagpapatuloy sa ilalim ng UP-UP Normin ang mga malakihang operasyong militar sa mga pinaghihinalaang balwarte ng rebolusyunaryong kilusan. Laking platun, kumpanya o brigada ang mga naturang operasyon, na inilulunsad din sa mga eryang pinaniniwalaan nilang "naagaw" na muli ng BHB.

Sariwa pa sa alaala ng mga katutubong Manobo na naninirahan sa hangganan ng Agusan del Sur at Surigao del Sur ang pambobomba na ginawa ng 401st Bde noong Agosto 1995 na naging sanhi ng pagkamatay ng walong lumad, kabilang ang apat na bata.

Inoperasyon din ng 67th IB ang tatlong baryo sa Surigao del Sur noong Marso 1997 sa kabila ng tigil-putukan na idineklara ng rehimeng Ramos. Sa naturang operasyon, ninakaw ng mga sundalo ang isang kalabaw na ginagamit diumano ng BHB sa *communal farms* nito at hinalughog at pinagnakawan ang isang tindahang diumano'y kooperatiba raw ng rebolusyunaryong kilusan.

Hanggang ngayon ay nagpapatuloy ang ganitong mga operasyon.

Hindi lamang mga regular na tropa ng AFP ang pinakikilos ng 4th ID sa paghahasik nito ng dahas at pananakot. Nagpapakawala rin ang militar ng mga grupong panatiko, lalo na kung may mga "dirty jobs" kung saan ayaw masangkot ng AFP.

Isang halimbawa ang naganap sa Tandag at Lanuza, Surigao del Sur noong huling kwarto ng 1996. Pinapasok ng militar sa naturang erya ang mga panatikong Pulahan upang protektahan ang interes ng Surigao Development Corp., isang kumpanya sa *logging* na pag-aari ng pamilyang Puyat. Subalit nagkaisa ang mga katutubong Mamanwa at Manobo at sa tulong ng mga ligal na progresibong organisasyon, matagumpay nilang napalayas ang mga Pulahan.

Sa isa pang kaso sa Bayugan, Agusan del Sur noon ding 1996, inaresto ng BHB ang isang Pulahan na nagtangkang mag-organisa ng mga grupong panatiko sa lugar. Matapos siyang litisin at mapatunayang may sala ng isang hukumang bayan na kinabilangan ng mga kinatawan ng Partido, Hukbo, organisasyong masa at mga karaniwang taumbaryo, pinarusahan ng kamatayan ang naturang organisador.

Patunay lamang ang mga ganitong gawain ng AFP na anupamang "oplan" ang ilunsad nito, nananatili itong reaksyunaryo, pasista at anti-mamamayan sa kaibuturan. Dahil dito, wala itong ibang patutunguhan kundi kabiguan.

Hindi ito mahirap ipagagap sa mga magbubukid, *settlers* at mamamayang lumad dahil saksi sila sa lahat ng ito. Ibandera man ng 4th ID ang halimbawa ng mga surenderi na sina Deo Uncad at Datu Manligoyan, bumubwelta rin sa AFP ang ganitong pagyayabang — walang tunay na ipinagbago ang kabuhayan ng dalawa. Wala ring tunay na ipinagbago ang kabuhayan ng mga naninirahan sa mga "showcase barrios".

Biguin ang UP-UP Normin

Anang NDF-Hilagang Mindanao, susi sa pagbigo sa UP-UP Normin ang pagsusulong at pagkumpleto sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Tinukoy ring mahalaga sa gawaing ito ang

- sekretong pagkilos ng mga pwersang gerilya at mga organisador ng rebolusyunaryong kilusang lihim sa kalunsuran, lalo na kapag nakikipag-ugnayan sa masa;
- pagbaklas sa lambat-paniktik ng kaaway sa mga baryo sa paraang pampulitika at militar;
- mapangahas at malikhaing pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa, lalo na sa mga lugar na makapal ang populasyon;
- pagpapataas sa kamulatang pampulitika ng masa hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino at sa nilalaman ng Oplan Unlad Bayan at UP-UP Normin;
- palagiang pag-aaral sa kilos ng kaaway sa bawat eryang sinasaklaw ng huli at kung paano nito ipinatutupad ang OUB at UP-UP Normin para epektibong makontrahan ito; at
- paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na siguradong magtatagumpay at makapag-papalapad o makapagkokonsolida sa baseng masa. ***-AB***

Renegadong Taksil sa Kanlurang Mindanao

Pupulutin sa Kangkungan ng Kasaysayan



Kontras". Wala nang mas babagay pang bansag sa mga oportunistang taksil.

Kontra sila sa Partido Komunista ng Pilipinas; sa Bagong Hukbong Bayan; at sa National Democratic Front.

Kontra sila sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong; at sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Kontra sila sa batayang interes ng masang magbubukid, manggagawa at mamamayang Pilipino.

Sa madaling salita, sila'y mga kontra-rebolusyunaryo.

Kontra-mamamayan

Sa Kanlurang Mindanao, lubos na "pinaninindigan" ng mga oportunistang taksil ang bansag sa "Kontras".

Pormal na binuo sa rehiyon noong 1994 ang "People's Communist Party" o PCP sa pamumuno nina Frank Gonzales ("Takyo"), Archimedes Estaris ("Ike de los Reyes") at Timoteo Pupa ("Itod").

May armadong grupo ang PCP na gumagamit sa pangalan ng BHB. Nang humiwalay sa Partido ang pangkating Takyo-Ike-Itod, isang platun na may humigit-kumulang 25 Pulang mandirigma ang kanilang nalinlang at natangay. Sa dami ng mga elemento nitong nademoralisa, nagsisuko, nagsiuwian, napatay at inaresto ng militar mula noong 1994, wala nang lima ang nalalabi ngayon sa orihinal na platun. Sa kasalukuyan, kabilang sa mga bagong rekrut ng armadong grupo ay mga masamang elemento sa baryo tulad ng mga sanggano at magnanakaw ng kalabaw.

Gumagala ang bogus na hukbo sa tatlong magkakadugsong na bayan ng Kapatagan at Karumatan, Lanao del Norte at Tukuran, Zamboanga del Sur. Subalit mga pitong baryo lamang sa mga naturang bayan ang aktwal nitong nakikilusan.

Walang ginagawang solidong pag-oorganisa ang hukbo ng PCP. Nangingikil lamang ito ng "kontribusyon" mula sa masa sa erya at pwersahan din itong nangongolekta ng P50 "tong" bawat buwan mula sa mga kagawad ng barangay.

Bagamat sa kanayunan gumagala ang armadong grupo nito, ang liderato ng mga Kontras ay pawang nakabase sa syudad.

Hindi ito kataka-taka. Mula't sapul, kahit noong hindi pa lantad ang kanilang pagtataksil sa Partido, sa kalunsuran na nagbababad sina Takyo, Ike at Itod, at bihira lamang kung pumasok sa kanayunan.

May mga ligal na institusyon at programang pinatatakbo ang mga Kontras sa mga syudad ng Iligan, Pagadian at Ozamiz at ilang bayan at baryo sa Kanlurang Mindanao. Kalakhan ng trabaho ng naturang mga grupo o opisina ay pagpapalitaw ng pondo, kadalasan sa pamamagitan ng mga *project proposals* na isinusumite sa mga dayuhang *funding agencies* at ahensya ng gubyerno. Ginagamit nilang mga *target area* sa proyekto ang mga sonang gerilya ng rebolusyunaryong kilusan, subalit walang anumang madamang benepisyo ang masa sa

lugar. Ang nalilikom nilang pondo ay ipinantutustos ng mga Kontras sa kanilang armadong grupo at syempre pa, pansuporta sa maluhong pamumuhay ng kanilang liderato sa syudad.

Mayor din na bahagi ng gawain ng mga ligal na opisina ng Kontras ang pagtatatag ng mga kooperatiba. Pero kaiba sa mga itinatayong kooperatiba ng rebolusyunaryong kilusan na naglalayong palakasin ang organisadong lakas ng mamamayan at unti-unting pabagsakin ang kapangyarihan ng malalaking komersyante at usurero, ang mga kooperatibang itinatatag ng pangkating Takyo-Ike-Itod ay nakaugnay sa Co-operatives Development Authority ng reaksyunaryong gubyerno at bahagi ng disenyong kontra-insurhensya ng rehimen. Dito pangunahing pinadadaloy ang pinopondohang mga pro-imperyalista at kontra-mamamayang programa ng rehimeng US-Ramos. Kabilang sa aktibong isinusulong ng mga Kontras ay ang bogus na programa sa repormang agraryo at reporestasyon ng gubyerno at ang agresibong pagpapalawak sa mga higanteng minahan, plantasyon, trosohan at mga proyektong real estate sa kanayunan.

Halimbawa, sa kaso ng Toronto Ventures Inc. (TVI), isang minahan na may 100,000 ektaryang *exploration area* sa Zamboanga del Norte, kinukumbinsi ng mga NGO ng Kontras ang mga apektadong taumbaryo na tanggapin na lamang ang TVI dahil wala na silang magagawa hinggil dito. Sikapin na lamang daw na magkaroon ng *safety nets* o mga pamamaraan para maibsan ang mga problemang idinudulot ng minahan sa komunidad. Ito'y sa kabila ng malaking galit ng mamamayan sa TVI na binansagan nilang "Toronto Vultures" o buwitre dahil sa marahas na pangangamkam nito sa lupa ng mga lumad na Subano. Sa kabilang banda, ipinangangalandakan naman ng TVI sa midya ang kanilang "mahusay na koordinasyon" sa naturang mga NGO bilang patunay na isinasaalang-alang ng kumpanya ang kapakanan ng mamamayan.

"Kabilang sa aktibong isinusulong ng mga Kontras ay ang bogus na programa sa repormang agraryo at reporestasyon ng gubyerno at ang agresibong pagpapalawak sa mga higanteng minahan, plantasyon, trosohan at mga proyektong* real estate *sa kanayunan."

Bangkaroteng Linya

Walang malinaw o matalas na linyang pampulitika ang mga Kontras.

Sinasambit nila sa kanilang propaganda ang "tatlong batayang suliranin ng mamamayan — imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo". Subalit hindi nila gagap ang tunay na kahulugan nito, dahil ang kanilang estratehiya ay nakabatay sa bangkaroteng konsepto ng RAWA *(red area-white area).*

Ayon sa RAWA, ang kanayunan, o "pulang purok", ay lunsaran lamang ng armadong pakikibaka. Ang kalunsuran naman, o "puting purok", ay lunsaran lamang ng pampulitikang pakikibaka. Dito'y artipisyal na pinaghihiwalay ang pakikibakang armado at pampulitika. Ang totoo, ang armadong pakikibaka, na prinsipal na porma ng pakikibaka at inilulunsad, pangunahin, sa kanayunan, ay mahigpit na nakakawing sa rebolusyunaryong pulitika. At ang mga ligal at pampulitikang pakikibaka sa kalunsuran ay sumusuporta sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Subalit ayon sa pananaw ng mga Kontras, pantay lamang ang papel ng dalawa. Wala silang itinatakdang diin sa alinmang larangan ng pakikibaka dahil kailangan daw maging handa sa anumang biglang pagpihit sa kalagayang pampulitika. Sa esensya, insureksyunista ang kanilang linya.

Ito rin ang dahilan kung bakit hindi nila itinuturing na mahalaga ang solidong pag-oorganisa sa masang nauugnayan nila. Kung magtayo man sila ng mga organisasyon, ito'y sa paraang "pawalis". Wala silang pagsalig sa linyang makauri na nagbibigay-diin sa pag-oorganisa sa mga maralita at mababang-panggitnang magbubukid. Sa halip, tanging mga multi-sektoral na organisasyon para sa "kapayapaan" at "kaunlaran" ang kanilang itinatatag. O kaya'y nagtatatag sila ng mga organisasyong mas nagbibigay-halaga sa mga pagkakaibang etniko o kultural sa pagitan ng mamamayang lumad, Moro o Kristiyano. Ayon sa tinatawag nilang "tri-peace, tri-people at tri-dev(elopment) approach", mas importanteng batayan ng pagkakaisa ang mga diumano'y "supraclass" na usapin kaysa sa uri.

Ang paglaganap ng insureksyunistang linya, ng kaugnay na konseptong RAWA at ng mga diumano'y "supraclass" na usapin sa maraming bahagi ng Mindanao ay ilan sa mga pangunahing pagkakamali na naging sanhi ng grabeng pagkitid

ng baseng masa ng rebolusyunaryong kilusan sa isla. Tinukoy, itinakwil at itinuwid ng Partido ang mga pagkakamaling ito nang ilunsad nito ang kilusang pagwawasto noong 1992. Ito ang tanging nakapigil sa patuloy na paghina ng rebolusyunaryong kilusan.

Sadyang pinalalabo ng mga "Kontras" ang katotohanang ito. Gusto nilang papaniwalain ang masa na hanggang ngayon ay wala pang nararating na desisyon ang Partido hinggil sa mga naturang isyu, na hindi ito malalaking usapin at magkakasundo rin balang araw ang mga tagapagtaguyod ng magkasalungat na linya.

Hindi na tatablan ng ganitong panlalansi ang masang napaliwanagan na ng mga kasama hinggil sa kilusang pagwawasto. At lalong hindi mapaniniwala ng Kontras ang masang saksi sa langit-at-lupang pagkakaiba sa kilos ng huwad na hukbo at ng mga tunay na Pulang mandirigma.

Kontra sa Masa

Anong mga gawain ng Kontras ang nakapagpapagalit at nakapagpapalayo sa kanila sa masa?

Tulad ng hukbong reaksyunaryo ng gubyerno, naghahasik sila ng dahas at panlilinlang. Mula 1995 hanggang 1997, walong tao na ang kanilang walang awang pinatay sa mga baryong iniikutan nila:

- Ang mag-asawang Junior at Marife Martesano ay nasawi noong Abril 10, 1995 sa San Isidro, Kapatagan, Lanao del Norte nang paulanan ng bala ang kanilang bahay. Isang bata rin ang nasugatan sa naturang pamamaril. Ninakawan ang mga Martesano ng isang relos at perang nagkakahalagang P5,000.00.
- Si Boy Kapunti, 44, ay pinatay noong Abril 15, 1996 sa Pulang Yuta, Kapatagan.
- Si Badong Alpeche, 58, ng Lantawan, Karumatan, Zamboanga del Sur, ay pinatay noong Agosto 1996.
- Isang nagngangalang Ganda, 32, na taga-Ramain, Karumatan ang pinatay noong Setyembre 1996.
- Si Crisanto Bitangcor, 28, taga-Lantawan, Karumatan ay pinatay noong Oktubre 23, 1996.
- Si Patabio Bation, 40, baryo kapitan sa Campo-Islam, Karumatan, ay dinukot mula sa kanyang bahay, pinatay at ibinaon sa Tapukon, Karumatan noong huling bahagi ng 1996.
- Si Jerry Samporna, 47, taga-Poblacion, Karumatan, ay pinatay noong Marso 1, 1997.

Hindi pa kabilang sa listahang ito ang mga pinatay ng Kontras na hukbo sa ibang mga munisipalidad.

Batay sa propaganda ng Kontras, mga tulisan, magnanakaw at impormer ang kanilang mga pinatay. Ang totoo, lahat ng naturang biktima ay mga mamamayang nagbibigay ng iba't ibang antas ng suporta sa rebolusyunaryong kilusan.

Bukod sa paglilikida at pagharas sa mga pinaghihinalaan nilang ugnay ng BHB, may ilang ulit na ring tinangka ng Kontras na ambusin ang mga Pulang mandirigma. Ang unang pagkakataon ay naganap noong Oktubre 4, 1996 sa Tulatulahan, Kapatagan. Ang ikalawa'y noong Pebrero 13-14, 1997 sa San Isidro, Kapatagan. At ang ikatlo'y sa Mabuhay, Kapatagan. Sa bawat pagkakataon, nakaiwas ang BHB dahil sa maagap na impormasyong ipinaabot sa kanila ng masa.

"Anong mga gawain ng Kontras ang nakapagpapagalit at nakapagpapalayo sa kanila sa masa? Tulad ng hukbong reaksyunaryo ng gubyerno, naghahasik sila ng dahas at panlilinlang."

Sa kabilang banda, walang inaani ang Kontras kundi ang galit at suklam ng masa. Nitong Abril 21, 1997, isang kamag-anak ng isa sa mga nilikida ng Kontras ang nagkusang maggiya sa mga tropa ng AFP at nagturo ng mga pinopostehang bahay ng mga Kontras.

Bunga nito, naglunsad ng reyd ang mga sundalo sa magkakanugnog na baryo ng Kalube, Kabungbungan at Pulang Yuta sa Kapatagan. Sa serye ng mga reyd, isang Kontra ang napatay, dalawa ang nasugatan at dalawa ang dinakip. Sinunog din ng mga sundalo ang isang bahay na tinuluyan ng Kontras. (Bago nito, may dalawang masa ring humingi ng pahintulot sa BHB na sumapi sa CAFGU para lamang makaganti sa Kontras. Hindi pumayag ang mga kasama).

Sino ang Magkasabwat?

Ayon sa mga Kontras, sinulsulan diumano ng BHB ang masang naggiya sa mga sundalo. Anila, patunay lamang ito na magkasabwat ang BHB at AFP laban sa Kontras.

Ang totoo, marami nang pagkakataong

inoperasyon ng AFP ang isang erya nang dahil sa magaspang at padalus-dalos na kilos ng Kontras na walang ipinagkaiba sa kagaspangang ipinamalas dati ng maraming elemento ng BHB sa kasagsagan ng adbenturismong militar. Nariyang naglalakad ang Kontras sa araw, animo'y ipinagyayabang ang dala nilang matataas na kalibreng armas; sumasakay sa motorsiklo na kitang-kita ang sukbit na baril; nagpupunta sa sayawan at nagbibilad sa sarili. Ang lahat ng ito'y nagmimistulang lantad na paanyaya sa AFP na mag-operasyon sa baryo.

Patakaran Hinggil sa Kontras

Depensibo, sa pangkalahatan, ang postura ng Partido Komunista at Bagong Hukbong Bayan laban sa Kontras sa Kanlurang Mindanao. Patakaran ng Partido sa rehiyon na umiwas hangga't maaari sa anumang armadong kumprontasyon sa pagitan ng BHB at Kontras. Anito, hindi pa hinog ang pangkalahatang kalagayang pampulitika. Kailangan pang palawakin at palalimin ang baseng masa upang magkaroon ng sapat na kahandaan ang mamamayan at BHB na harapin ang anumang maganap na kontra-atake.

Ipinaliwanag ng Partido na hindi nito pinahintulutan ang pananambang noong Agosto 1996 sa isang tim ng mga renegadong taksil. Sa naturang ambus, nagkusang kumilos laban sa Kontras ang isang Pulang mandirigma na hindi na makatiis sa paglalapastangan ng Kontras sa masa. Ginawaran ng kaukulang aksyong pandisiplina ang naturang gerilya.

Nanawagan ang Partido para sa ibayong pagpapalaganap ng mga pag-aaral at propaganda hinggil sa kilusang pagwawasto upang mailantad ang tunay na katangian ng mga renegado, mahiwalay ang mga sagadsaring elemento at pukawin mula sa kanilang pagkakalinlang ang mga pangkaraniwang elemento sa hanay ng mga Kontras. Ang lahat ng ito, anang Partido, ay maipapatupad sa pamamagitan ng isang malapad at masiglang kilusang masa.

Sa usaping militar, ibayo ring ipinanawagan ng Partido ang lihim at pinong pagkilos ng BHB. Anito, hindi na dapat magpadala ang mga Pulang mandirigma sa mga armadong probokasyon ng mga Kontras. Subalit sa pagkakataong maharap ang BHB sa aktwal na pag-atake ng Kontras, karapatan nitong aktibong ipagtanggol ang sarili.

Sa kabilang banda, bagamat marami-rami na ring masa sa hangganan ng Lanao del Norte at Zamboanga del Sur ang nakababatid sa tunay na karakter ng mga Kontras, nakapanlilinlang pa rin ang mga ito, lalo na sa kalunsuran.

Nitong Abril, lumabas sa isang lokal at isang pambansang pahayagan ang nakagugulat na balita na pitong traydor ang diumano'y gagawaran ng BHB ng parusang kamatayan.

Sa naturang mga balita, na lumabas sa *The Freeman Mindanao* at *Philippine Daily Inquirer,* sadyang pinagsama ng midya ang mga pangalan nina Takyo, Ike at Itod at apat na kilabot na tulisang nag-oopereyt sa Tangub City, Misamis Occidental. Sila, diumano, ang balak parusahan ng BHB.

Ang apat na tulisan ay idineklarang target ng rebolusyunaryong kilusan matapos masusing pag-aralan at timbang-timbangin ang mga ebidensya laban sa kanila sa isang hukumang bayan. Ipinahayag ito ng Front Monterosa, ang larangang gerilyang sumasaklaw sa Misamis Occidental, sa isang *press release* sa midya noong Marso 29.

Samantala, isang naunang pahayag na naglilinaw sa paninindigan ng rehiyon laban sa Kontras ang inilabas din ng Partido sa midya nitong Marso 10 sa pamamagitan ng *Mangahas,* ang rebolusyunaryong pahayagang masa sa Kanlurang Mindanao.

Kinundena sa naturang pahayag sina Takyo, Ike at Itod bilang mga kontra-rebolusyunaryong taksil, subalit nilinaw rin na sa ngayon ay propaganda at edukasyon ang paraan ng paglaban sa mga Kontras.

Ang mga kagimbal-gimbal, mapanlinlang at nakalilitong balitang inilabas sa mga pahayagan ay patunay na kailangan pa ng ibayong pagsisikap, lalo na sa kalunsuran, upang maipabatid sa publiko ang katotohanan.

Walang Ibang Patutunguhan

Samantala, laganap ang demoralisasyon sa hanay ng armadong grupo ng Kontras. Una, seryosong kinukwestyon ng marami sa kanila ang perspektiba ng kanilang grupo. Ano nga ba ang kahihinatnan ng isang grupong armado na walang gawaing pag-oorganisa at walang ibang ginawa kundi ang mangikil sa masa, maglikida at manakot ng taumbaryong sumusuporta sa BHB, mambulabog sa kilusan at manlinlang ng mamamayan?

Ikalawa, kinukwestyon din ng hukbo ng Kontras ang magarbo at maalwang pamumuhay ng kanilang liderato na nakabase sa syudad at manaka-naka lamang nilang nakikita. Padron ng pangkating Takyo-Ike-Itod ang paglagi sa kanayunan nang hindi hihigit sa dalawang araw para maglatag ng "situationer" hinggil sa diumano'y pag-unlad ng mga Kontras. Walang nakukuhang mga pag-aaral na teoretikal ang armadong grupo. At habang tumatagal, mas nahihirapan silang tanggapin ang di pakikiisa ng kanilang liderato sa hirap at panganib na kinakaharap nila sa kanayunan.

Maging ang mga personahe ng mga Kontras sa syudad ay bulok at pawang nagpalamon na sa naghaharing sistema. Sa ngayon ay nabubuhay sila sa pagnenegosyo habang patuloy nilang pinangangasiwaan ang mga ligal na proyekto ng Kontras at ipinatutupad ang mga programa ng reaksyunaryong gubyerno.

Ano ang kahihinatnan ng mga nagpapakilalang rebolusyunaryo ngunit nabubuhay nang walang rebolusyunaryong integridad? Tulad ng kinahinatnan ng ibang kontrarebolusyunaryo, sila ay pupulutin sa kangkungan ng kasaysayan. ***-AB***

Tigil-Putukan sa Kapaskuhan, Idineklara ng Rebolusyunaryong Pwersa

Nagdeklara ng pansamantalang tigil-putukan ang mga re-bolusyunaryong pwersa mula ika-8 n.u. ng Disyembre 22 hanggang ika-8 n.u. ng Enero 7. Idineklara ito ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, Pambansang Istap Militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng National Democratic Front (NDF). Sa isang pahayag sa midya, sinabi ng mga rebolusyunaryong pwersa na ang deklarasyon ng pansamantalang tigil-putukan ay batay sa makataong dahilan at upang ang mga kumand, yunit at tauhan ng magkalabang mga hukbo ng gubyerno ng Pilipinas at ng NDF ay makapaggunita ng Kapaskuhan at Bagong Taon. Inatasan pa rin ang BHB at milisyang bayan na manatiling alerto laban sa paniniktik o mga operasyong opensiba ng kaaway o anupamang panghihimasok sa teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan.

Lakbayan Laban sa Kahirapan, Inilunsad

Mahigit 20,000 kasapi ng mga militanteng organisasyon ang nagmartsa nang limang araw mula sa Gitnang Luson, Timog Katagalugan at iba't ibang bahagi ng Kamaynilaan upang batikusin ang mga anti-mamamayan at pro-imperyalistang patakaran ng rehimeng Ramos. Ang martsang tinaguriang "Lakbayan Laban sa Kahirapan at Imperyalistang Pandarambong" at pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ay ginanap mula Oktubre 20 hanggang Oktubre 24. Kinundena ng mga demonstrador ang mga patakarang tulad ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na ibayong nagpapatindi sa paghihikahos at nagpapabigat sa pinapasang krisis ng mamamayan. Sa ikahuling araw ng martsa, nagtipon sa Mendiola ang mga nagrali at nakinig sa mga pahayag ng mga tagapagsalita mula sa iba't sektor at rehiyon. Kabilang sa mga nagsalita ay mga kinatawan ng BAYAN sa Bikol at Mindanao.

1.5 Milyong Katao, Nagrali Laban sa 'Cha-Cha'

Tinatayang 1.5 milyong katao ang nagprotesta noong Setyembre 21 laban sa balak ng Malakanyang na amyendahan ang saligang batas. Layon ng mga nais sumusog sa konstitusyon (na binansagang mga pro-"cha-cha" o *charter change*) na alisin ang limitasyon sa termino ng panunungkulan ni Presidente Fidel Ramos upang makapanatili pa ito sa poder lagpas sa 1998.

Sa Kamaynilaan, may 750,000 ang dumalo sa isang *prayer-rally* na pinangunahan nina Jaime Cardinal Sin at dating Presidente Corazon Aquino. Limampung libo sa mga demonstrador ang tumuloy sa Mendiola at dumalo sa isang dramatikong *torch parade.*

Sa Kabisayaan, may 300,000 ang nagmartsa sa Cebu, Iloilo, Bacolod, Tagbilaran, Dumaguete, Calbayog, Roxas at Kalibo. Nagpatuloy kinabukasan ang pagpoprotesta nang magwelga ang mga drayber sa Bacolod.

Sa Mindanao, may 260,000 ang nagrali sa mga lungsod ng Davao, Gen. Santos, Cagayan de Oro at Iligan at sa lalawigan ng Bukidnon. Paralisado rin ang transportasyon sa Cagayan de Oro.

Samantala. may 55,000 demonstrador ang nagprotesta sa iba't ibang sentrong urban sa Luson, kabilang ang Legazpi, Lucena, Laoag, Baguio, Tuguegarao at lungsod ng Angeles.

Base Militar ng US, Itatayo sa Mindanao?

Nagbabala nitong Oktubre ang mga aktibistang tutol sa pananatili ng mga baseng militar ng dayuhan sa Pilipinas hinggil sa posibilidad na magtayo muli ng mga pasilidad militar sa bansa ang US. Ito'y dahil sa ipinanukalang dalawang *executive agreements* sa pagitan nina Presidente Fidel Ramos at ng pangulo ng US na si Bill Clinton hinggil sa patuloy na *access* ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas at sa *status of forces* ng mga ito. Bukod rito, kahina-hinala rin ang konstruksyon ng isang daungan at paliparang internasyunal sa lungsod ng Gen. Santos. Ibinunyag ni Roland Simbulan, tagapangulo ng Nuclear Free Philippines Coalition at isa sa mga pangunahing tumututol sa base, na ang mga kumpanyang kinontrata upang ihanda ang disenyo ng naturang mga pasilidad ay siya ring mga kumpanyang kinokontrata ng US Department of Defense. Sinadya raw ito, aniya, upang magkaroon ng kakayahang teknikal ang daungan at paliparan para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pwersang militar ng US. Isa pa raw lugar na posibleng tayuan ng baseng militar ng US Navy ay ang Sumbang Point sa lungsod ng Zamboanga.

Demolisyon, Malala sa Pilipinas, ayon sa UN


Ang gubyerno ng Pilipinas ang isa sa mga pangunahing lumalabag sa karapatan sa disenteng pamamahay. Ayon sa resulta ng isang pananaliksik ng United Nations (UN) na inilathala sa midya nitong Hulyo, ang Pilipinas ang isa sa mga bansang may pinakamaraming kaso ng marahas na demolisyon at sapilitang pagpapalikas sa mga maralita ng lungsod. Ginagawa ito, anang UN, upang makapagtayo ang gubyerno ng mga proyektong imprastruktura at mabigyang-daan ang konstruksyon ng mga mamahaling subdibisyon. Mula 1986 ay 100,000 katao na ang nagiging biktima ng demolisyon taun-taon. Kinundena ng UN ang naturang mga demolisyon lalu na't may mga bata nang namatay at ilandaang taong nasaktan bunga nito.

30 Aktibista sa Kordilyera, Sasampa sa BHB

Mahigit 30 kabataang aktibista na kabilang sa DATAKO (Demokratiko a Tignayan ti Agtutubo ti Kordilyera), ang rebolusyunaryong organisasyong masa ng kabataan sa Kordilyera, ang nagdeklarang sasampa sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ito'y bilang tugon sa panawagan ng BHB sa kabataan na lumahok sa digmang bayan. Ayon sa ***Dangadang,*** ang pangmasang pahayagan sa rehiyon, ang mga naturang aktibista ay kabilang sa mga delegadong dumalo sa kumperensya ng DATAKO na ginanap nitong ikatlong kuwarto ng 1997 sa isang sonang gerilya sa Kordilyera. May iba pa ring delegadong nangakong sasampa sa Hukbo sa malapit na hinaharap.

Pakikidigmang Gerilya

Sumusulong sa Buong Kapuluan



Mainit na Pagtugon ng Hukbong Bayan

Alinsunod sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na pataasin ang antas ng armadong rebolusyon, inatasan nito ang Bagong Hukbong Bayan na palawakin at pasinsinin ang paglulunsad ng pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Sa nakalipas na limang taon, umani ng maraming tagumpay ang rebolusyunaryong kilusan bunga ng pagpapatupad ng Partido sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Itinakwil ang mga mali at mapaminsalang linya ng estratehikong kontra-opensiba, di-napapanahong regularisasyon at insureksyunismong lungsod na inilako ng mga rebisyunistang taksil. Muling pinagtibay ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan: kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Naisagawa rin ang wastong pagdidisposisyon ng nakararaming mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa pagbawi ng mga nawalang baseng masa at sa ibayong pagpapalawak ng ating mga larangang gerilya.

Sa mensahe ni Tagapangulong Armando Liwanag sa okasyon ng ika-28 anibersaryo ng pagkakatatatag ng BHB na pinamagatang "Patindihin ang Pakikidigmang Gerilya Batay sa Kakakayahan", nilinaw niya na nang buuin ang Hukbo noong Marso 29, 1969, *"ang Bagong Hukbong Bayan ay nakapagsagawa ng gawaing masa at nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba sa maliit na saklaw ng ikalawang distrito ng Tarlac. Walang dahilan,"* aniya, *"kung bakit hindi mapatitindi ang pakikidigmang gerilya batay sa kasalukuyang lahatang-panig na lakas ng rebolusyonaryong kilusan, na higit pa sa noong 1969 o 1992. Tulad ng nakaraan, ang mga pagsulong sa rebolusyon ay makakamit lamang sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba sa loob ng balangkas ng kasalukuyang yugto ng estratehikong depensiba".*

Mula nang ilabas ang panawagan ng Partido, mainit ang naging pagtugon ng mga magigiting na Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Sa pamamagitan ng iba't ibang reyd, ambus, at operasyong isparo, napinsala ang pwersa ng kaaway, nakasamsam ng mga armas at napabulaanan ang paghahambog ng rehimeng US-Ramos na mahina at laos na ang BHB.

Sumusunod ang ilan sa mga tampok na taktikal na opensibang inilunsad ng BHB nitong 1997:

Marso 26- Ambus sa isang pangkat ng PNP sa Palauig, Zambales. Namatay si Senior Inspector Manuel Alop (*police chief* ng Palauig na maraming kaso ng pandarahas sa mamamayan) at apat pang pulis. Nasamsam ang kanilang mga armas.

Hunyo 2- Ambus sa isang pangkat ng 74th IB PA sa Sityo Nataasan, Barangay Inabuan, San Francisco, Quezon. Lubhang nasugatan ang CO ng 74th IB na si Maj. Joel Ibanez at si 1Lt. Siscar na *intelligence officer.* Di-lubhang nasugatan si 1Lt. Atirado.

Hulyo 11- Isang sasakyan ng PNP ang tinambangan sa kahabaan ng Maharlika Highway, Barangay Villabota, Gumaca, Quezon. Isang pulis at isang ahenteng sibilyan ang namatay. Dalawang M16, isang M14, isang .38 at tatlong *rifle grenade* ang nasamsam.

Agosto 10- Sinalakay ang detatsment ng 1st District Mobile Force ng PNP sa Barangay San Jose, Antipolo, Rizal. Isa ang napatay at dalawa ang lubhang nasugatan sa panig ng kaaway. Nasamsam ang isang baby M60, dalawang M16, isang .45, isang .38, isang *rifle grenad*e at sari-saring bala.

Oktubre 15- Reyd sa detatsment ng PNP/

CAFGU sa Barangay Inuyunan, Bula, Camarines Sur. Nasamsam ang isang M14, isang M16, isang RG , isang granada at mga bala. Walang nasawi sa panig ng kaaway dahil nagsitakbuhan ang mga ito.

Oktubre 20- Reyd sa istasyon ng PNP sa Rodriguez (dating Montalban), Rizal. Ito sana ay reyd na walang putok, ngunit tinangka ng isang pulis na putukan ang isang pangkat ng BHB kaya ito ay pinatay. Nadisarmahan din ang isang pangkat ng Philippine Army sa kalapit na Barangay San Isidro. Nakumpiska ang anim na M16, apat na disabog, 23 maliliit na armas (.38, .45, at 9mm), mahahalagang dokumento ng PNP at 3,000 bala ng M16. Nabihag sina Police Chief Inspector (PCI) Rene Francisco (Rodriguez Chief of Police) at M/Sgt. Joaquin Melad ng 2nd IB PA. Sila ay pinalaya noong Disyembre 5.

Oktubre 21- Ambus sa isang pangkat ng 31st IB na sakay ng isang Kennedy-type jeep sa Binagbag, Agdangan, Quezon. Tatlo ang napatay at isa ang nasugatan sa kaaway. Nasamsam ang dalawang M16, isang M14, dalawang .45, at isang *rifle grenade.*

Oktubre 26- Reyd sa detatsment ng PA sa Barangay Lawan-lawan, Las Nieves, Agusan del Norte. Isang sundalo at isang CAFGU ang namatay at nasamsam ang lahat ng mga armas ng detatsment.

Oktubre 28- Pagpaparusa kay PCI Teodorico Ibarrola ng Sariaya PNP. Si Ibarrola ay isang Intelligence Officer ng PNP-Quezon na responsable sa pagbubuo ng CAFGU at paglalatag ng Barrio Intelligence Network na mga baryong kanyang sinasaklawan. Sangkot din siya sa sindikato ng iligal na droga at jueteng. Nasamsam mula kay Ibarrola ang isang MKIV (isang tipo ng .45) at isang .38.

Nobyembre 8- Ambus sa *elite force* ng 3rd Mobile Group-PNP sa Barangay Morente, Bongabong, Mindoro Oriental. Napatay ang tatlong kaaway at nabihag si SPO3 Martillano Magtagad (isang pulis na maraming utang na dugo sa mamamayan). Nasamsam ang dalawang M203, pitong M16, isang .45, *night vision goggles* at maraming bala.

Nobyembre 23- Ambus sa isang pangkat ng PNP sa Sitio San Jose, Legazpi City, Albay. Apat ang namatay at apat ang lubhang nasugatan sa panig ng kaaway, kabilang na ang hepe ng pulisya sa Legazpi na si Col. Robinson Ortega.

Disyembre 8- Pagpaparusa kay SP04 Edgardo Escara sa Bagumbayan, Mauban, Quezon. Si Escara ay *deputy police chief* ng Mauban. Siya ay pinarusahan sa kanyang pagiging protektor ng mga nagtutulak ng ipinagbabawal na gamot.

Disyembre 21- Pagdisarma sa mga CAFGU ng Paquibato, lungsod ng Davao. Nasamsam ang 15 M14 at pitong karbin.

Ibayong Pagtindi ng Pakikidigmang Gerilya

Kaiba sa nakaraang panahon ng adbenturismong militar, ang mga taktikal na opensibang inilulunsad sa kasalukuyan ay direktang nakakawing at naglilingkod sa rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa. Ito ay bunga ng pagtalima ng Hukbo sa absolutong pamumuno ng Partido. Hindi na kalakaran ang "pakikipagbakbakan" sa kaaway nang walang pagsasaalang-alang sa mga pampulitikang pangangailangan at kalagayan. Napatunayan na sa mapait na karanasan ng Hukbong Bayan na ang ganitong "pakikipagbakbakan" ay lubhang mapinsala sa baseng masa. Taliwas ito sa prinsipyo ng paglulunsad ng pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Kung wala ang pagtangkilik at suporta ng masa, mawawalan din ang Hukbo ng kakayahang maglunsad ng mga taktikal na opensiba.

"Sa patuloy na pagtalima ng mga rebolusyunaryong pwersa sa wastong linya ng matagalang digmang bayan, tiyak na lalong titindi ang pakikidigmang gerilya sa hinaharap."


Sa kasalukuyang yugto ng estratehikong depensiba, sinasalakay lamang ng Hukbong Bayan ang mga nahihiwalay at mahihinang pwersa ng kaaway. Ito ay dahil sa katotohanan na, sa kabila ng malaking pagsulong ng Hukbong Bayan mula 1969 (na nagsimulang may 60 katao at 35 armas sa Tarlac at ngayo'y laganap na sa buong kapuluan), mahina at maliit pa rin ito kung ikumkumpara sa reaksyunaryong Armadong Pwersa ng Pilipinas.

Unti-unting nag-iipon ng armadong lakas ang rebolusyunaryong kilusan. Hakbang-hakbang na pinatatatag ang rebolusyunaryong kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa kanayunan hanggang sa sapat na ang lakas nitong ibagsak ang reaksyunaryong estado sa buong bansa. Totoo na ang pagsulong ng armadong rebolusyon ay di pantay sa iba't ibang rehiyon at larangang gerilya dahil sa iba't ibang obhetibong kalagayan at suhetibong salik. Kung kaya ang pagpapatindi ng pakikidigmang gerilya ay laging nakabatay sa kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ang partikular na kongkretong kalagayan.

Sa patuloy na pagtalima ng mga rebolusyunaryong pwersa sa wastong linya ng matagalang digmang bayan, tiyak na lalong titindi ang pakikidigmang gerilya sa hinaharap. ***-AB***

Komunike ng Ikatlong Panrehiyong Kumperensya ng Timog Katagalugan

Kamtin ang Dramatikong Pagsulong!



Matagumpay na naidaos ang Ikatlong Panrehiyong Kumperensya ng Timog Katagalugan noong Enero 1997 sa isang larangang gerilya sa nasabing rehiyon. Dito ay tinanggap, tinalakay at pinagkaisahan ang mga ulat ng Komiteng Rehiyon na kinabilangan ng mga sumusunod:

1. Ang ulat sa paglalagom ng 15 taong karanasan (1978-1992);
2. Ang mga ulat sa pagtatasa ng kalagayan:
   a. Ang tatlong taong kumprehensibong pagtatasa (1993-1995); at
   b. Anim na buwang kumprehensibong pagtatasa (Enero-Hunyo1996).
3. Ang ulat ng panlipunang pagsisiyasat ng rehiyon.

Inihalal din ng nasabing kumperensya ang isang bagong Komiteng Rehiyon at ang Komiteng Tagapagpaganap at Kalihiman nito na mamumuno sa buong rehiyon sa mga susunod na taon.

Naging isang kumperensya ng tagumpay at pagkakaisa ang idinaos na makasaysayang pagtitipon. Ang matagumpay na pagdaraos nito ay patunay sa inabot na antas ng konsolidasyon ng Partido at Bagong Hubong Bayan sa rehiyon sa diwa ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Alinsunod sa panawagan noong ika-28 na anibersaryo ng Partido ni Kasamang Armando Liwanag, tagapangulo ng PKP, naglabas ang Panrehiyong Kumperensya ng isang komunike na nagpapahayag ng mga tampok na tagumpay at mga kinaharap na problema sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon mula nang ilunsad ang IDKP sa rehiyon noong Nobyembre 1992.

Dahil sa walang-alinlangang paninindigan at pagpapatupad sa IDKP, nakapagpunyagi ang Partido sa rehiyon hanggang sa makamit ang mga makabuluhang tagumpay mula huling hati ng 1995. Sa pangkalahatan, nabaligtad na ang pabawas na tunguhin mula huling hati ng 1995 hanggang kasalukuyan.

Ayon sa komunike, “Pinatutunayan lamang ng ating nakamit na mga makabuluhang tagumpay sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang katumpakan ng IDKP na muling nagtibay sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido.”

Anito, ang mga nakamit na tagumpay sa pagsusulong ng IDKP at pagpapalakas sa ideolohiya ay nagsisilbing matatag na pundasyon upang makaambag ang rehiyon sa pangkalahatang pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Masiglang pinag-aralan ng lahat ng kadre’t kasapi ng Partido sa rehiyon ang mga saligang dokumento ng IDKP, maging ang pagtatasa nito ng KPKS (Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral) noong Disyembre 1993 at ng KTKS noong Hulyo 1995. Malaki rin ang naging ambag ng rehiyon upang mabigo ang panghahati at mangwawasak ng mga rebisyunistang taksil.

Malawakang naipalaganap sa buong rehiyon ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa pamamagitan ng masiglang pag-aaral sa mga turo ng mga dakilang lider komunista. Malawakan din ang naging pag-aaral sa mga ispesyal na kursong pangkadre at mga publikasyon ng Partido. Kaakibat nito ang patuloy na paglilimbag at pagpapalaganap ng iba’t ibang teksto’t sanggunian.

Anang komunike, “Ang mga natutunang teorya ay ginagamit upang malagom ang ating mga karanasan at mahusay na masiyasat ang partikular na katangian ng rehiyon upang higit na mapatibay ang sapol natin sa makauring pagsusuring malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino.”

Bukod sa 15-taong paglalagom ng buong rehiyon, nalagom na ang 15-taong karanasan ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa (noong Abril 1994) gayundin ng gawaing masa sa kanayunan, at ang mahigit dalawang dekadang karanasan ng kauna-unahang sangay ng Partido sa buong rehiyon. Sinimulan na rin ang mga paglalagom sa intermedyang antas upang payamanin ang panrehiyong paglalagom. Gayundin, napalamnan na ang panlipunang pagsisiyasat ng rehiyon alinsunod sa balangkas ng LRP. Masiglang-masigla ang mga sesyon ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili mula sa Komiteng Rehiyon hanggang sa mga batayang organisasyon ng Partido.

Nanawagan ang kumperensya na kamtin ang mga dramatikong pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan batay sa mga tagumpay sa pagkokonsolida sa ideolohiya. Idiniin nito na ang pagsulong ng DRB ay pinatitibay ng pagtangan sa mga saligang rebolusyunaryong prinsipyo ng Partido na gumagabay sa gawaing pampulitika.

Tinukoy rin ng kumperensya ang mga tampok na kahinaan na konserbatismo sa gawaing militar at gawaing masa, at sektaryanismo naman sa pagrerekluta ng mga bagong Pulang mandirigma at kasapi ng Partido. Ang konserbatismo at sektaryanismo ay kinakailangang iwaksi upang magkamit ng dramatikong pagsulong at mas malalaking tagumpay sa pagsusulong ng DRB sa buong rehiyon.

Susi sa pagsulong ng DRB sa rehiyon ang mahigpit na paghawak sa makauring pagsusuring malakolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunang Pilipino. Ang pagsusuring ito ay pinalalim sa pag-aaral hinggil sa malapyudalismo, at higit pang pinagtibay sa pamamagitan ng panlipunang pagsisiyasat ng rehiyon.

Anang komunike, "Masigasig nating isinusulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na umaani ng papalaki at papalawak na suportang masa. Mapanlikha nating inilapat ang mga patakaran at konseptong nilinaw ng Partido sa partikular na katangian ng ating rehiyon."

Nagbunga ito ng lahatang-panig na mga tagumpay sa gawaing pampulitika ng Partido sa rehiyon.

Higit sa doble ng naitalang bilang noong 1992 ang mga larangang gerilya sa rehiyon, ayon sa komunike. Laking kumpanya ang mahigit sa kalahati nito at laking platun naman ang iba pa. Halos narekober na rin ang mga bayan at baryong pan-samantalang naiwan dahil sa nakaraang kamalian at matinding pananalakay ng kaaway. Katunayan nga'y nadagdagan pa ang bilang ng mga bayan at baryong saklaw ng pagkilos ng BHB.

Masiglang isinagawa ang iba't ibang tipo ng propagandang berbal at nakasulat batay sa mga isyung pampakilos na sumulpot sa bansa, sa rehiyon at maging sa lokalidad. Natukoy rin ang paglulunsad ng mga klinikang bayan at kulturang pagtatanghal bilang ilan sa mga pinakamabisang anyo ng propaganda. Malaki rin ang naitulong ng inilathalang magasing pangkultura ***(Dagitab)*** at ang kauna-unahang teyp album ng mga rebolusyonaryong awitin **("Dakilang Hamon")**.

Naroon din ang mga pagsisikap na paramihin ang bilang ng mga nabigyan ng pag-aaral sa mga kursong masa. Mapagpasyang napangibabawan na ang kakapusan sa mga teksto para dito na da-ting bara sa malawakang pagbibigay ng mga ito.

Ang mga tagumpay na ito sa pagsisikap na pataasin ang kamalayang pampulitika ng masa sa kanayunan ay makikita sa patuloy na paglaki ng bilang ng mga saligang organisasyong masa at organisadong masa. Napanatili ng rehiyong TK ang tunguhing pagpapadagdag ng mga SOM at OM. Ayon sa kumperensya, mas malaki pa sana ang bilang kung napangibabawan ang konserbatismo sa gawaing masa.

Nagpatuloy sa paggana ang mga ligal na organisasyon ng magsasaka na nagsisilbing tambol para sa kanilang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Sinikap na maglunsad ng iba't ibang tipo ng pagpapakilos sa masa, na sa karaniwan ay antas baryo o interbaryo. Sumigla rin ang paglunsad ng rebolusyong agraryo sa ilang pi-ling baryo.

Ayon sa komunike, mapagpasyang pinatigil "ang lahat ng mga sosyo-ekonomikong proyektong pinopondohan ng mga ligal na institusyon na nagtulak sa ating baseng masa sa bangin ng repormismo't ekono-mismo." Mula 1995 ay mas binigyang diin ang mga simpleng porma ng kooperatiba tulad ng mga suyuan, bayanihan at tornohan na kina-tatangian ng simpleng kooperasyon para sa palitan ng paggawa.

> ***"Higit sa doble ng naitalang bilang noong 1992 ang mga larangang gerilya sa rehiyon. Halos narekober na ang mga bayan at baryong pansamantalang naiwan. Katunaya'y nadagdagan pa ang bilang ng mga bayan at baryong saklaw ng pagkilos ng BHB."***

Ang papalawak na baseng masa ang nagsilbing malapad at malawak na lambat-paniktik sa kilos ng kaaway. Batay sa suportang masa, nakapaglunsad ng mga kakayaning taktikal na opensiba na kinata- ngian ng maliliit ngunit marami (tulad ng pagpaparusa sa mga masasamang elemento at pusakal na CAFGU/CVO).

May naging bahagyang pagsigla sa rekrutment ng mga bagong Pulang mandirigma. Signipikante ang bilang ng narerekluta sa loob ng isang taon, ngunit malaking bilang din ang nababawas. Ayon sa pagsusuri ng kumperensya, ang pangunahing dahilan ng matumal na rekrutment ay ang sektaryanismong umiral mula pa sa nakaraan. Natukoy na masyadong mataas at malayo sa nakasaad sa Alituntunin ng BHB at ng MNT (Mahigpit Nating Tungkulin) ang ipinapatupad na pamantayan sa pagsapi sa BHB. Gayundin, natukoy na kaakibat ng mapangahas na maramihang pagrerekluta ng mga bagong mandirigma, kinakailangan ding tiyakin na mabigyan sila ng mga kinakailangang edukasyon at pagsasanay.

Napanatili sa rehiyon ang wastong balanse ng

mga nakatalagang yunit. Umabot sa 85% ng kabuuang lakas-tauhan ng BHB ang natalaga sa mga SYP na naggagawaing masa at 12% lamang ang natalaga sa mga panlabang yunit gerilyang laking platun at iskwad. Ang nalabing 3% ay natalaga sa mga yunit panserbisyo.

Mahigpit na isinakatuparan ang pambansang patakaran na iskwad (Sandatahang Yunit Pampropaganda) ang pinakamaliit na yunit ng BHB para sa gawaing masa. Ginawang mga SYP ang dating magkakahiwalay na mga Malaligal na Pangkat (MLP) at Pangkat Pagpapatatag (PPT). May inabot na isang antas ng paggamay ang mga SYP sa mahusay na paraan ng kilos-gerilya upang mamaksimisa ang maluwag na kalagayan para mabilis na maparami ang mga SOM/OM.

Nanawagan ang kumperensya na tiyaking maitayo sa lahat ng mga larangang gerilya ang mga panlabang yunit gerilya na magsisilbing sentro ng lakas ng lahat ng mga yunit ng BHB, ngunit hindi dapat lalampas sa 30% ng kabuuang lakas tauhan ang bubuo dito. Ang mga yunit gerilya na ito ay tinitiyak na nakalubog sa gawaing masa sa pagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Naipagpatuloy ang masiglang paglulunsad ng mga pagsasanay sa pulitika't militar ng mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB batay sa ibinalangkas na Kurso sa Batayang Pag-sasanay sa Pulitika't Militar (BPPM). Tuluy-tuloy din ang sigla ng mga pampulitikang pag-aaral sa lahat ng yunit ng BHB.

Mahigpit na napanghawakan ang absolutong pamumuno ng Partido sa BHB sa pamamagitan ng mga malusog na organisasyon ng Partido sa loob ng mga yunit ng Hukbo. Lahat ng mga kagawad ng KLG at Komiteng Probinsya na umaatupag ng gawain sa sonang gerilya ay tuwirang nakalubog at tumatayong kalihim ng mga Komiteng Seksyon sa Platun at Komiteng Subseksyon/Grupo ng Partido sa mga iskwad. May signipikanteng bilang din ng mga kagawad ng Komiteng Rehiyon ang nakalubog mismo at tumatayong kalihim ng mga ito.

Kaalinsabay ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa kanayunan ay isinulong din ang rebolusyunaryong kilusang masa sa kalunsuran. Nakumpleto na sa kabuuan ang redeployment ng mga kadre't kasapi ng Partido na kumikilos sa kalunsuran, na mas marami ang tumututok sa solidong pag-oorganisa sa batayang antas.

Nadagdagan ang bilang ng mga naitayong lihim na grupong pang-organisa, grupong bag-as at komiteng pang-organisa. Mas ang mga lokal na pagpapakilos ang binigyang pansin at sadyang iniwasan muna ang mga kampanyang masa na nakakabirit sa baseng masa. Anang komunike, "Dahil mas diin sa mga lokal na pagpapakilos, mas madali nating masalo ang mga nakakamit na tagumpay upang higit na palawakin at konsolidahin ang ating rebolusyonaryong kilusang lihim."

Naging kalakaran muli ang masiglang pagtungo sa kanayunan ng mga kasamang nakabase sa kalunsuran. May mga nag-*exposure,* may nag-TOD (Tour of Duty) at may tuwirang sumampa sa BHB.

Patuloy na nakabig ang mga panggitnang pwersa. Paparaming bilang ang naugnayan at napakilos sa kanayunan, at mula sa halos wala ay nakapagtayo ng signipikanteng bilang ng mga Rebolusyonaryong Grupong Suporta (RGS). Signipikante rin ang naging bunga ng mga pagsisikap na maorganisa ang mga panggitnang pwersa sa kalunsuran.

"Naging kalakaran muli ang masiglang pagtungo sa kanayunan ng mga kasamang nakabase sa kalunsuran. May mga nag-*exposure, *may mga nag-*tour of duty *at may mga tuwirang sumampa sa BHB."

Sa larangan ng organisasyon, mahigpit na isinakatuparan ang demokratikong sentralismo bilang saligang prinsipyo ng Partido na ang daluyan ay malusog na sistemang komite mula sa KR hanggang sa mga batayang organisasyon.

Nabaligtad ang tu-nguhing pabawas at na-dagdagan ang bilang ng mga kasapi ng Partido. Ngunit natukoy na kulang pa rin ang sigla at di pa maramihan ang rekrutment, dulot na rin ng di pa mapagpasyang nabaka ang sektaryanismo.

Simple ngunit episyente ang isinaayos na istrukturang pang-organisasyon. Tinitiyak na ang malaking mayorya ng mga kadre't kasapi ay mahigpit na nakaugnay sa masa. Nadagdagan din ang bilang ng mga sangay ng Partido kumpara noong 1995, at ang 73% nito ay nasa kanayunan samantalang ang nalalabi ay sa kalunsuran.

May nabalangkas na sistema ng ulat para sa lahat ng mga intermedyang namumunong organo hanggang sa Komiteng Seksyon at Subseksyon at tungkol sa mga labanan. Higit na napatibay ng sistema ng pulong ang kolektibong pamumuno at pasya. Maiikli ngunit mabunga ang pulong ng mga namumunong komite kumpara sa nakaraan.

Sa kabuuan ay nabigo ang tangka ng kaaway na pinsalain ang mga namumunong komite sa kalunsuran at kanayunan. Sa pinansya, hindi lamang nagawa na makapagpalitaw ng sapat para sa papalaking gastusin taun-taon, nakapagpalitaw pa ng reserbang pondo para sa tatlong taon. Ang labis dito ay isinesentralisa sa nakatataas na organo.

Ang mahusay na pang-ideolohiyang pagbubuo at malusog na kolektibismo ang dahilan kung bakit patuloy na napagana ang sistemang komite ng Partido sa iba't ibang antas. ***- AB***